Flores de Maria
sa Taon ni San Pablo Apostol
(Hunyo 2008- Hunyo 2009)

Ngunit nang ang takdang panahon ay dumating, isinugo ng Diyos ang kaniyang Anak na ipinanganak ng isang babae at ipinanganak sa ilalim ng kautusan. ***Gal 4:4***

Pangkalahatang Paksa: Flores de Maria sa Taon ni San Pablo Apostol

Lingguhang Paksa :

Unang Linggo: Panalangin

Paksa 1 : Ang Tanda ng Krus
Paksa 2 : Ama Namin
Paksa 3 : Aba Ginoong Maria
Paksa 4 : Ang mga Misteryo ng Tuwa & Liwanag
Paksa 5 : Ang mga Misteryo ng Hapis & Luwalhati

Ikalawang Linggo: Mga Aral Tungkol kay Hesukristo

Paksa 1 : Si Hesus, Anak ng Diyos
Paksa 2 : Si Hesus, Anak ni Maria
Paksa 3 : Si Hesus, Ating Tagapagligtas
Paksa 4 : Si Hesus at Ang Espiritu Santo
Paksa 5 : Si Hesus at Ang Simbahan

Ikatlong Linggo: Ang Mga Sakramento

Paksa 1 : Sakramento: Mga Banal na Tanda
Paksa 2 : Binyag at Kumpil
Paksa 3 : Eukaristiya
Paksa 4 : Kumpisal at Pagpapahid ng Banal Langis
Paksa 5 : Kasal at Pagpapari

Ika-apat na Linggo: Kabanalan

Paksa 1 : Tinatawag tayong lahat upang maging Banal
Paksa 2 : Ang Espiritu Santong Nagpapabanal
Paksa 3 : Pananampalataya
Paksa 4 : Pag-asa
Paksa 5 : Pag-ibig

Paunang Salita

Flores de Maria

Ang buwan ng Mayo ay buwan ng pag-aalay kay Maria ng mga bulaklak, buwan na kung saan mas maraming bulaklak ang namumukadkad. Kalakip ng mga alay na bulaklak, ang ating pagsamo na tayo'y samahan niya sa ating pananalangin sa kanyang anak na si Hesus.

Sa mga parokya, nakaugalian na ang pagtitipon-tipon ng mga bata upang turuan ng Katesismo, sama-samang magdasal ng Santo Rosaryo at mag-alay ng mga bulaklak kay Maria.

Sina Jose at Maria ang mga unang guro ni Hesus. Sa kanilang pagiging tapat at pagiging masunurin sa kalooban ng Diyos, nahubog nila ang batang Hesus upang laging maging tapat at masunurin sa Kalooban ng Ama.

Sapamamagitan ni Maria, hilingin natin na sana ang mga batang dumadalo sa Flores de Maria ay maging tapat at masurin din sa Kalooban ng Diyos.

Taon ni San Pablo

Espesyal ang Flores de Maria sa Taon ni San Pablo Apostol. Si San Pablo ay larawan ng masigasig na taga-pagpahayag ng Mabuting Balita. Tulad ni Maria na walang sinayang na panahon upang ibahagi sa kanyang kamag-anak na si Elisabet ang Mabuting Balita na si Hesus, wala ring sinayang na panahon si San Pablo Apostol sa pagbabahagi kay Hesus.

Ipanalangin nating ang mga Katekista upang tulad nina Maria at San Pablo, buong sigasig din nilang ipakilala si Hesus sa mga batang dumadalo sa Flores de Maria.

Para Kanino

Ang module na ito ay handog ng *Commission on Volunteer Catechists ng diyosesis ng Cubao, Kalookan, Manila, Novaliches, Parañaque at Pasig*, **para sa mga katekista at mga bata na dumadalo sa Flores de Maria**. Nawa kahit sa munting paraan ay makatulong ito bilang instrumento sa pagtuturo sa mga bata.

Pasasalamat

Nais kong pasalamatan ang mga sumusunod:

Msgr. Gerry Santos – Minister, Archdiocesan Catechetical Ministry, Manila (ACM), sa patuloy na pagbibigay inspirasyon sa Commission on Volunteer Catechists.

Sr. Tita Pamplona, FdCC – ACM Executive Secretary, sa patuloy na pagsuporta sa bawat proyekto ng Commission on Volunteer Catechists.

Sa mga nag-contribute ng modules: Garry Mendoza, Desiree Enriquez, Ka Luring, Maria Tan, Manuel Rodriquez, Adelina Polison, Carmen Asuncion, Ma. Lourdes De Leon, Aida Tuyor, Cora Dacumos, Josefina Galac, Lucena Deogracias, Lylian Jacob at Corazon De Jesus.

Marami pong salamat sa inyo.

Fr. Amado (Bong) Gino
Priest Coordinator
Commission on Volunteer Catechists
Archdiocese of Manila

Mark_Luke71@yahoo.com
862 1746

Mayo 4, 2009, Lunes
Unang Linggo : Panalangin
Ika-1 Paksa : Ang Tanda ng Krus

Pagpapahalaga: Paniniwala / Pananampalataya

Pambungad na Panalangin:
Sa Ngalan ng Ama, ng Anak at ng Espiritu Santo. . .

Gawain: Paper-cutting – hugis krus
(materyales: katekista – diyaryo, mga bata – kahit anung papel)
Anyayahan silang mag-labas ng papel at makisabay sa paggawa ng gawain (hugis krus). Pagkatapos sabay-sabay buksan ang ginawa.

Sitwasyon ng Buhay:

T. Ano ang hugis na ating ginawa?
S. *Krus po*

T. Marunong ba kayong magantanda ng krus?
S. *Opo / Hindi po*

Sige nga sabay-sabay tayo.magantanda ng krus (sabayan ang mga mag-aaral sa pagaantanda ng krus. Pansinin ang mali sa pagsasagawa nito at itama)

T. Kailan tayo nagaantanda?
S. *Tuwing magdadasal*

Oo gaya nung bago tayo magsimula ng ating klase. Bago at pagkatapos nating manalangin tayo ay nagantanda ng krus.

T. Kailan pa tayo nag-aantanda?
S. *Tuwing nakararamdam ng panganib*

T. Ano para sa atin ang krus?
S. *Tanda ng pananampalataya natin*

Pagpapalalim ng Pagpapahalaga :

T. Bakit sa palagay ninyo tayo nagaantanda?
S. *Bilang pagalala sa dakilang pagmamahal ng Diyos sa atin*

T. Bakit naman kaya krus ang naging sagisag ng ating pananampalataya?

Alam niyo nuong panahon ni Hesus ang bayang Israel ay sinasakop ng mga Romano. Ang krus ay kinatatakutang bagay. Dahil ito ang ginagamit nilang pamamaraan ng pagpaparusa't pagpatay sa mga kriminal na hindi mamamayang Romano. Itong kinamumuhian at kintatakutang bagay na ito'y nabigyan ng kakaibang kahulugan pagkatapos gamiting pamamaraan sa pagpatay kay Hesus. O alamin natin ngayon kung paano naganap ang malaking pagbabagong ito.

Salita ng Diyos :

Mateo 27: 11-26 *ang pagharap ni Hesus kay Pontio Pilato (mas magandang isadula o ikuwento na lang ang pangyayari)*

Mateo 28: 19 *ang atas ni Hesus na bautismuhan ang lahat ng bansa sa ngalan ng Ama, ng Anak at ng Espiritu Santo*

Marahil napakapamilyar sa inyo ang tagpong ating isinalaysay ano? Ngayon ating unawain ito mas mabuti.

U. Kanino iniharap si Hesus pagkatapos Siyang dakipin?
S. *Kay Pontio Pilato po*

T. Ano ang paratang kay Hesus?
S. *Na Siya raw ay Hari ng mga Hudio*

Hindi ba kapansin-pansin na pinagbibintangan nila si Hesus ng isang paratang na hindi nila kailanman naintindihan. Katawa-tawang isipin na ni hindi man lang nila natanto na totoong hari ang kanilang bihag. Hari ng hindi lang ng mga Hudio bagkus Hari ng lahat ng lahi't nilalang dito sa mundo.

T. Ano ngayon ang naging pasiya ni Pontio Pilato sa udyok ng mga kaaway ni Hesus?
S. *Ipako si Hesus sa krus*

T. Ano ang sinubukang pamamaraan ni Pontio Pilato upang mapakawalan si Hesus?
S. *Pinapili niya ang mga tao sa pagitan ni Hesus at ni Barrabas*

T. At sino naman ang pinili ng mga tao?
S. *Si Barrabas po*

Sa ating isinalaysay na hango sa Banal na Kasulatan nakita natin ang malinaw na kawalan ng hustisya sa paghuhusga kay Hesus. Malinaw na wala siyang nilalabag na batas ngunit mariin pa rin Siyang hinusgahang ipako sa krus. Krus na parusa sa mga kriminal. Parusang kahiya-hiya. Parusang hindi angkop sa tunay na Hari at Diyos ng lahat. Ngunit sa lahat ng ito'y buong puso at buong tapang ni Hesus tinanggap ang pag-alipusta at ang darating na sakit at paghihirap. Lahat ng ito'y alang-alang sa pag-ibig at kaligtasan ng sangkatauhan. Kaligtasang nakamit nating bawat isang naririto sa pamamagitan ng krus. Kaya't sa sumunod nating binasa iniutos ng Diyos Anak na angkinin ang lahat ng tatalima sa Kaniya ayon sa ngalan ng Kaniyang Ama, sa ngalan Niya at sa ngalan ng Diyos Espiritu Santo. Dito makikita ang malaking pagkakaiba ng isang tunay na nananampalataya at ang hindi nananampalataya. Walang-iba kundi ang pag-angkin sa sagisag ng kaligtasan ang pag-antanda ng krus.

Pahayag ng Pananampalataya

Iisa lamang ang Diyos sa tatlong persona: Ang Ama, ang Anak at ang Espiritu Santo. Nag-aantanda tayo ng krus: **Sa ngalan ng Ama** - ang Ama bilang utak ng lahat. Ang may lalang sa atin. Ang nagbalak at nagpapatupad. Kaya sinisimulan natin ang pagantanda sa **noo**, sa ulo ng lahat; **Ng Anak** -sinusundan natin ito sa **tiyan**, ang pinanggalingan ng nagkatawan-taong Diyos. **At ng Espiritu Santo** - kung saan dinadampian natin ang ating **mga balikat**. **Una ang kaliwa patungong kanan**.

Tuwing tama at maayos ang ating pagsasagawa ng pagantanda ng krus ay naipadarama natin sa Kaniya ang ating pananalig, pag-ibig, paggalang, pagsamba, pananampalataya at katapatan.

Kaya marapat lang na tayo manalangin madalas sa kaniya. Ibigin ang Diyos ng higit sa lahat. Walang ibang angkop na pamamaraan ng pagpapadama tayong magagawa kundi ang pagiging magalang tuwing tayo ay makikipagusap sa Kaniya. Ang paglalagay natin ng ating sarili sa presensiya Niya sa pamamagitan ng pag-aantanda ng krus sa simula ng ating pagdarasal.

Tugon ng Pananampalataya

Sa ating pinag-usapan, natutunan natin na ang krus ay tanda ng isang tunay na Kristiyano. Ito'y dapat igalang. Ang krus ang ginamit ng Diyos Anak upang tayo'y tubusin sa ating pagkakasala. Ginugunita natin ang ating katubusan tuwing tayo'y nag-aantanda ng krus.

Ating isaulo at gawin ng wasto't may paggalang ang pag-aantanda ng krus. Kung saan babanggitin natin ng malinaw at mahinahon ang mga salitang: *"Sa Ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu santo. Amen."*

Mag-antanda tayo ng krus sa lahat ng pagkakataon. Sa simula at pagtatapos ng ating manalangin. Nawa'y lahat sana ng ating gawain ay iaalay natin sa ating Panginoon nang tayo'y magabayan at mailayo sa kasalanan, panganib at tukso.

Bilang pagtatapos dapat nating maintindihan na napaka-mapalad natin na tayo'y naging mga Kristiyanong Katoliko. Kaisa natin si Birheng Maria, ang dakilang ina ng Diyos anak, na nakatayo sa paanan ng krus. Naghihintay, nananalangin sa Ama, nananalig at umaasa. Gayundin kasama natin si San Pablo kung saan inaalay ng simbahan ang taong ito para sa kaniya.

Panghuling Panalangin:

Kaya manalangin tayong lahat ng sabay-sabay. Magsitayo ang lahat: ***Sa Ngalan ng Ama, ng Anak at ng Espiritu Santo. Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Sa Ngalan ng Ama, ng Anak at ng Espiritu Santo. Amen.***

Gary Mendoza
Diocese of Cubao

Mayo 5, 2009, Martes
Unang Linggo : Panalangin
Ika-2 Paksa : Ama Namin

Pagpapahalaga : Pananalangin; Pagtitiwala; Pagpapakabanal

Sitwasyon ng Buhay :

T. Kayo ba ay nananalangin?
S. Opo

T. Bakit ba kayo nananalangin?
S. Para po humingi ng tulong

T. Para sa inyo, ano ba ang ibig sabihin ng panalangin?
S. Makipag-usap po sa Diyos

Tama ang mga sagot ninyo, pero may ibabahagi ako sa inyo na makapag-bibigay ng magandang halimbawa ng makabuluhang pananalangin.

Likas sa ating mga Pilipino ang pagpapahalaga sa pananalangin. Namana natin ito sa ating mga ninuno simula pa noong panahon ng mga Kastila. Ngunit marami pa rin sa atin ang hindi nakaaunawa ng tunay na kahulugan ng pananalangin.

Sa isang palabas sa telebisyon, makikita natin ang isang halimbawa ng maganda at tumatalab na pananalangin. Kilala ba ninyo si Santino?

T. Anong klasing bata ba siya? Bakit mo nasabi yan?
S. Mabait po kasi laging nagdadasal at matulungin sa kapwa; masunurin po; magalang po; sinusunod po ang lahat ng tinuturo ni Bro

T. Sino ba si Bro?
S. Siya po si Hesus na tinatawag niyang " Bro"

T. Ano ba ang kaugnayan nila sa isa't-isa?
S. Mabuting magkaibigan po kaya " Bro" po ang tawag sa kaniya; palagi po silang nag-uusap at tinutupad po ni Bro ang mga hinihiling ni Santino

T. Bakit kaya pinagbibigyan ni Bro si Santino sa mga hinihiling niya?
S. Kasi po mabuting bata siya at nagtitiwala po talaga kay Bro; ang kabutihan po ng ibang tao ang palagi niyang iniisip; marunong magpatawad; di nakikipag-away

T. Gusto ba ninyong matulad kay Santino?

Ganoon din ba kayo kung manalangin?
Ganoon din ba kalalim ang tiwala ninyo kay Hesus?
Ano ba kaya ang tamang pananalangin?

Basahin natin ang Salita ng Diyos at alamin kung ano ang sinasabi ni Hesus tungkol sa panalangin.

Salita ng Diyos:

Lucas 11:1- 4 *" Panginoon, turuan mo po kaming manalangin "*

- Ano ang ginawa ni Hesus bago niya pinuntahan ang mga naghihintay sa Kanyia? – pumunta sa isang pook upang manalangin
- Ano ang sinabi ng isa sa mga alagad Niya pagdating Niya? – " Panginoon, turuan mo kaming manalangin
- Ano ang ginawa ni Hesus? – tinuro sa kanila ang " Ama Namin"

Sa ating ebanghelyo ay pinatunayan ni Hesus ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan sa Kanyang Ama, o ng pananalangin. Katulud ni Santino, si Hesus ay naglaan ng sapat na panahon upang manalangin at lumalayo siya upang mapag-isa at maka-tuon sa pananalangin Niya. At tinuro sa mga alagad Niya ang isang magandang panalangin. Siya mismo ang nanalangin sa Kaniyang Ama sa Langit. Alamin natin ang nilalaman nito at pag-aralan ang kahulugan ng bawat kataga nito, ayon sa patuturo ng ating Kristyanong pananampalataya:

Pahayag ng pananampalataya:

Pagsamba

- Ang " Ama Namin " ay tinatawag na " Panalangin ng Panginoon" sapagkat nagbuhat sa Panginoong Hesus, ang huwaran at Panginoon ng ating panalangin. (KIK 2775; KPK 2116)
- Ang Ama Namin ay tinataguriang batayan ng panalangin ng bawat kristiyano. (KIK 2759)
- Ang Ama Namin ay dinadasal natin sa banal na misa, rosaryo, mga novena, at sa mga sakranentong binyag, kumpil at iba pa. (KIK 2776; KPK 2109)

- Ang pag-awit o pagdarasal ng Ama Namin sa Banal na Misa ay dinidiin na lahat tayo ay magkakapatid sa mata ng Diyos sa pamamagitan ni Hesus. Hinihingi natin ang ating pangangailangang material at pangespiritual sa Eukaristiya na tinatanggap natin bilang pagkain ng buhay na walang hanggan. (KPK 2110)

  (maaring ipakita sa visual aid ang larawan ng pagawit ng Ama Namin sa banal na misa)

Si Maria ay naging huwaran nating mga kristiyano sa pananalangin, pagtitiwala at kabanalan. Sa pagdarasal ng Rosaryo ay kasama natin siya sa pananalangin sa Diyos Ama.

Katotohanan

Ang Ama Namin ay may Balangkas na binubuo ng **3 Bahagi** (KPK2129-2130):

A. Ang PAGBATI

Dito ay isinasaayos ng pambungad na bahagi ang kaisipan at pananaw ng lahat na nakasentro sa Diyos.(CCC 2803 – 2804)

Ama namin sumasalangit Ka

- Ang ibig sabihin ng Ama ayon sa Bibliya ay, “ Ama-Manlilikha”. Siya ang pinakamataas na may kapangyarihan at Panginoon. (KPK 2133)

- Ang Diyos ay maaring tsawagang “Ama” sapagkat Siya ay pinakilala sa atin ng Kaniyang Anak na si Hesus. Sa pamamagitan ng Binyag, tayo ay nasasanib sa Diyos at magiging anak na Niya. (KIK 2798)

- Tayo ay magkakapatid sa ilalim ng iisang Amang Makalangit. Binubuwag natin ang pagiging mkasarili at inilalagay tayo sa loob ng sambayanan.(CCC 2792 – 93; KPK 2136)

- Ang “sumasalangit Ka “ ay hindi tumutukoy sa isang lugar, kundi sa pag-iral Niya sa puso ng mga mababuti. Ang Langit, ang tahanan ng Diyos Ama, ay ang tahanan ng tunay na tahanang–bayan natin na tayo ay dito patungo at nakalaan. (KIK 2802)

B. Mga “ KAHILINGANG-MO”

Ang pangkat na ito ay umaakay sa atin sa Kanyang Pangalan, Kanyang Kaharian, Kanyang Kalooban...Na siyang nais nating makamit dito pa lang sa lupa at nagpapatuloy ang mga ito magpasawalang-hanggan. Ang bahaging ito ay nakatuon sa Diyos. (KPK2129)

1.Sambahin ang Ngalan Mo

- Ang Diyos ay banal kaya kahit ngalan Niya ay sinasamba natin. (KPK 2140)

- Ang kabanalan ng Kanyang pangalan sa harap ng mga bansa ay nakasalalay sa ating buhay at panalangin. (KIK 2814)

2.Mapasaamin ang kaharian Mo

- Ito ay “ tumutulong...sa huling pag dating ng paghahari ng Diyos sa pagbabalik ni Kristo (Tit. 2:13 ; KIK 2818; CCC 769)

- Ang kaharian ng Diyos ay katuwiran, kapayapaan, at kagalakan ng Espiritu Santo. (Rom 14: 17; CCC 2046)

3.Sundin ang loob Mo dito sa lupa para ng sa Langit

- Nais ng ating Ama na ang lahat ng tao ay mailigtas at matamo ang kaharian ng katotohanan (1 Tim 2:3-4). Siya ay “ may pagtingin sa iyo, ast hindi Niya nais na mapahamak ng sino man. (2 Pedro 3:9) Ang utos Niya ay magmahalan kayo: kung papaano ko kayo minahal, ganoon din kayo magmahalan.(Jn 13: 34 ; Lc 10:25-27)

- Ang utos na ito ay buod ng lahat ng mga utos, at naka-paloob dito ang buo Niyang kalooban. (Jn 3:4)

K . Ang “ KAHILINGANG- KAMI”

Matapos ang pagtuon sa Diyos, at saka pa lamang hinaharap ng panalangin ang ating mga pangangailangan sa ating pagtungo sa Kaniya: material at espiritual na ikabubuhay (kakanin)at malampasan ang mga negatibong katotohanan ng kasalanan, tukso at kasalanan (CCC 2805). Magwawakas lamang ang mga pangangailangang ito sa ating pagpasok sa kabilang buhay.(KPK 2130)

1. Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw

Umaasa tayo sa ating Ama: Sa pamamagitan ng mga anak,at pag-asa ng lahat ng bagay sa Ama, ay tunay na maganda. (CCC 2778; KIK 2828)

Ang salatang “ngayon” ay hindi lamang tumutukoy sa “ngayon” ng kasalukuyang panahon kundi sa “ngayon” ng Diyos.

Ang salitang “ pagkain” ay maaring pagkaing material o pang-kabanalan o espirituwal.(KPK 2175). Ang kahirapan sa daigdig ay humihikayat sa mga kristiyano na magdasal ng matapat upang gampnan ang kanilang pananagutan sa kapwa, maging sa kanilang sariling gawa at kasama ang buong angkan ng mga tao. (KIK 2831)

2. At patawaran mo kami sa aming mga sala, para ng pagpapatawad namin sa nagkasala sa amin-

Para sa Diyos, ang mabuting alay ay ang kapayapaan, ang pagkakasundo ng magkakapatid at ang isang bayang nagsasama sa pagkakaisa. (KIK 1441)

3. At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso

-Ang kahilingang ito ay naka-ugat sa unang kahilingan, sapagkat ang ating kasalanan ay nag-uugat sa pagsuko sa tukso. (KIK 2846)

4. At iadya Mo kami sa lahat ng masama

Sa huling hiling nagdarasal ang Kristiyano sa Ama kasama ang Simbahan na ipahayag ang tagumpay na matamo na ni kristo sa “pinuno ng daigdig na ito”, si satanas, ang sumasalungat sa Diyos at sa Kanyang balak na kaligtasan. (KPK 2195)

Amen.

Dito ay lubos nating sinasangayunan ang kahilingan ng Banal na Santatlo na maging higit na ganap nawa ang Kahariang inilalapit sa atin sa pamamagitan ni Hesu Kristong Kaniyang Anak, isakatuparan nawa ng Diyos Ama ang Kaniyang kalooban sa pamamagitan ng Espiritu Santo. (KPK 2131**)**

Pagsasabuhay

Ang Sampung Utos ng Diyos ay akmang paraan upang ganap nating maisabuhay ang nilalaman ng Ama Namin. (KPK 2118) at sa pamamagitan ng Kaloob ng Espiritu Santo ay nasusunod natin ito.

Ang unang 3 utos ay naka-ugma sa **“Kahilingang-Mo”** (ukol sa Diyos), at ang huling 6 na utos ay naka-ugma sa **“Kahilingan-Kami”** (ukol sa Tao)....(KPK k-16-21)

Pinagdiriwang natin sa taong ito ang Taon ni San Pablo. Katulad ni Santino, si “Bro” ay nagpakita rin kay San Pablo upang gawin siyang alagad Niya sa pagkalat ng Mabuting Balita ng Kaligtasan. Kapwa sila naging tapat sa mag pinagbibilin ni Hesus at naging huwaran ng tunay na kabanalan, pananalangin, at tiwala sa Diyos.

Tugon ng Pananampalataya

Paniniwala:

Ang Ama Namin ay ang Panalangin ng Panginoon na tinuro sa atin upang isabuhay natin ang mga “Kahilingang ukol sa Diyos” at “Kahilingang ukol sa Tao” upung maganap ang kolooban ng Diyos dito sa lupa hanggang sa kabilang buhay sa Langit.

Pagkilos:

Sa inyong pag-uwi, pumunta sa isang tahimik na lugar at manalangin; suriin ang budhi at alamin ang mga pagkukulang mo sa Diyos at kapwa; pagsisihan ang mga ito, pumunta sa pari at ikumpisal ang mga ito.

Pagdiriwang:

Sabay-sabay na awitin ang **Ama Namin .**

Mary Desiree M. Enriquez
St. Joseph Shrine Parish
Diocese of Cubao

Mayo 6, 2009, Miyerkules
Unang Linggo : Panalangin
Ika-3 Paksa : Aba Ginoong Maria

Opening Prayer: Aba Ginoong Maria

Pagpapahalaga: Pagsunod/ Pagiging Masunurin

Sitwasyon ng Buhay

- Sino pa ang marunong magdasal ng Aba Ginoong Maria?
- Sino ba ay ating tinatawagan kapag tayo'y magdarasal ng Aba Ginoong Maria?
- Saan nagsimula ang ating panalangin "Aba Ginoong Maria"

Salita ng Diyos
Lukas 1:26-33

PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

SI MARIA AY PINILI NG DIYOS NA MAGING INA NG KANYANG ANAK NA SI JESUS (cfc 517,519)

Si Maria ay pisikal na ina ni Jesus na ating tagapagligtas ang naging espirituwal na ina ayon sa bahagdan ng biyaya para sa lahat lalo na ang mga disipulo ni Kristo sapagkat dahil sa pag-ibig nakiisa si Maria upang magsilang sa simbahan ang mga sumasampalatayang kasapi ni Kristo (cfc517) si Maria ay tunay na ina ng Diyos sapagkat siya ang ina ng walang hanggang anak ng Diyos na tunay na tao at tunay na Diyos (ccc 509) si Maria ang bukod tanging babeng pinili ng Diyos na maging ina ng kaisa-isang anak ng manunubos natin. Ngunit nang ang takdang panahon ay dumating isinugo ng Diyos ang kaniyang Anak ipinanganak ng isang babae at ipinangako sa ilalim ng kautusan. Sa panalangin ng Aba Ginoong Maria, pinapahayag na si Maria ay hindi Diyos kundi ang kanyang anak na si Jesus ang tunay na Diyos. Binibigay ni Maria kay Jesus ang anumang binibigay ng ina sa sarili niyang sanggol (cfc 520). Si Maria ay tumutulong o nakikiisa sa gawaing pagliligtas ng Banal na Santatlo, kaya walang tigil siyang nananalangin para sa atin.

Ano ang gagawin natin upang matulungan tayong maging masunurin sa Diyos tulad ni Maria?

SA PANANALANGIN AY HINIHILING NATIN NA MAGING MASUNURIN SA DIYOS TULAD NI MARIA. (ccc(965,2617)

Si Maria ay nagpatuloy sa pakikiisa sa pagliligtas ni Jesus. Kaya't kasama na siya sa simula ng Iglesya/Simbahan sa pagtitipon-tipon upang manalangin. Hinihiling ni Maria sa kanyang mga panalangin ang kaloob ng Espiritu Santo na magiging gabay natin sa wastong pananalangin. Hanggang ngayon tinutulungan tayo ng Espiritu Santo upang manalangin na maging masunurin sa kalooban ng Diyos tulad ni Maria. Kaya araw-araw huwag nating kalilimutan manalangin at humingi ng biyaya ng lakas ng pagsunod kahit mahirap. Tutulungan din tayo ni Maria na manalangin.

Ano ang ating gagawin sa araw-araw para matularan natin si Maria?

SA ATING PAGIGING MASUNURIN SA DIYOS AY NATUTULARAN NATIN SI MARIA. (cc969, cfc 1439)

Si Maria ang ating modelo at halimbawa sa pagsunod sa tawag ng Diyos, sapagkat Malaya siyang sumusunod sa kalooban ng Diyos Ama. Kaya't nagkaroon ng kaligtasan ang buong sangkatauhan dahil sa kanyang pagiging masunurin tulad ni Maria, tayo rin ay inaasahan ng Diyos na maging masunurin sa kanyang kalooban. Kaya nga sa ating mga tahanan mapapansin natin ang mga larawan ni Maria na nagpapaalala na tayo rin tulad niya ay maging masunurin sa kalooban ng Diyos upang magbunga ng kabutihan para sa lahat.

Hal. Pagtinawag ng nanay at inutusang bumili ng ulam. Kapag sinunod mo siya lahat ay makakakain dahil sa ginawa mong kabutihan. Ang pagsunod sa magulang ay pagsunod sa Diyos marami pang magagandang ugali ang maari nating gawin araw-araw bilang pagsunod sa kalooban ng Diyos. Lahat ng ating ginagawa na makakapagdulot ng kabutihan sa kapwa ay matatawag nating pagsunod sa nais ng Diyos

BUOD:

Si Maria ay pinili ng Diyos na maging ina ng kanyang anak na si Jesus, naging masunurin si Maria sa kalooban sa kanya ng Diyos. Tularan natin si Maria sa kanyang pagsunod sa Diyos. Hilingin natin sa panalangin na matularan natin si Maria.

TUGON NG PANANMPALATAYA:

Paniniwala : Sino ang ina ni Jesus?
Isasaulo: Si Santa Maria ay ang ina ni JESUS
Dasal na " Aba Ginoong Maria."

Pagtatalaga : Magbigay ng mga halimbawa kung paano ipapakita ang pagsunod sa diyos (isulat sa notebook)

Pagdiriwang : Dasal na ***Aba Ginoong Maria***
(hawakan ang larawan ni Maria)

Ka Luring
Diocese of Pasig

Mayo 7, 2009, Huwebes
Unang Linggo : Panalangin
Ika-4 Paksa : Mga Misteryo ng Tuwa at Liwanag

Pagpapahalaga : Kagalakan

Pambungad na panalangin : Awitin ***"Ang puso ko'y nagpupuri"*** – visual- lyrics

Sitwasyon ng Buhay :

- Anong bang pangyayari o karanasan mo na nagdulot sa iyo ng galak? Birthday, pasko, bakasyon , pasukan . Bakit?
- Ano ang ibinubunga sa iyo ng kagalakan ito? Dahil masaya ako naging mabait ako at kaibigan ko nagiging masaya din.

May mga pangyayari sa buhay natin na nagbibigay sa atin ng kagalakan, kagaya ng birthday kasi may party, maraming kang natanggap na regalo, maraming kang bisitang kaibigan. Kung pasko naman (malayo pa ito) masaya na ang paligid, naghahanda ng mga palamuti sa bahay, sa eskuwelahan at namimili na ng mga bagong damit at maririnig na natin ang mga masasayang awit. Hindi laman itong mga pangyayaring ito ang nagbibigay ng kagalakan sa atin marami pang iba, ito ay dahil ibig ng Diyos na maranasan natin ang galak sa buhay natin dito sa lupa. Alamin natin ngayon ang sinasabi ng Banal na Kasulatan tungkol sa kagalakan ating nararanasan.

Salita ng Diyos:

Lucas 1:39-44

Hindi nagtagal at si Maria'y nagmamadaling pumunta sa isang bayan sa kaburulan ng Juda. Pagdating sa bahay ni Zacarias, binati niya si Elisabet. Nang marinig ni Elisabet ang bati ni Maria, naggagalaw ang sanggol sa kanyang tiyan. Napuspos ng Espiritu Santo si Elisabet, at buong galak na sinabi," Pinagpala ka sa mga babae, at pinagpala rin ang dinadala mo sa iyong sinapupunan! Sino ako upang dalawin ng ina ng aking Panginoon? Sapagkat pagkarinig ko ng iyong bati ay naggagalaw sa tuwa ang sanggol sa aking tiyan."

- Sinong dumalaw kay Elisabet? – si Maria.
- Anong nangyari kay Elisabet ng siya ay binati ni Maria? – napuspos ng Espiritu Santo.
- Ano ang nangyari ng marinig ni Elisabet ang bati ni Maria? - Naggagalaw sa tuwa ang sanggol sa kanyang tiyan.

- Bakit naggagalaw sa tuwa ang sanggol sa tiyan ni Elisabet? - Dahil ang bumati at dumalaw kay Elizabet ay hindi lamang si Maria kundi si Hesus na dala niya sa kanyang sinapupunan.

Sa ating binasa, natuwa si Elisabet ng siya ay binati at dinalaw ni Maria. Tulad natin natutuwa din kung tayo ay binabati ng ating bisita sa ating kaarawan. Natutuwa tayo kapag dumating ang ating kaibigan sa ating party. Kaya nga pinatutunayan dito na hindi lamang mga bagay o okasyon ang nakapagbibigay ng kagalakan sa ating, kundi ang mga tao na malapit sa atin. Kagaya ni Elisabet ang dumalaw sa kanya ay ang kanyang pinsang si Maria. At alam niya na ang dinadala ni Maria sa kanyang sinapupunan ay si Hesus kaya nga sinabi niyang "Sino ako upang dalawin ng ina ng Panginoon". Si Elisabet at ang sanggol sa kanyang sinapupunan ay hindi lamang nagalak dahil sa bati ni Maria kundi dahil sa ang bumati sa kanila ay mismong si Hesus at **SI HESUS AY KAGALAKAN**

Noong gabi ng isilang si Hesus sinabi ng anghel sa mga pastol ***"huwag kayong matakot! Ako'y may dalang mabuting balita sa inyo na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao sapagkat isinilang ngayon sa bayan ni David ang inyong tagapagligtas. ang Kristong Panginoon.'*** **(Lukas 2:10-11)**

Kaya nga tayo at ang buong mundo, malayo pa ang pasko - araw ng kapanganakan ni Hesus, tuwang-tuwa natin pinaghahandaan ito dahil sa dala Niyang kagalakan sa mundo. Makikita natin na ang bawat **Misteryo ng Tuwa** ay kagalakan dulot nito. Mula ng ibalita nga anghel kay Maria ang kanyang paglilihi kay Hesus, kagalakan ang dulot kay Maria, noong dinalaw ni Maria si Elisabet, siya at ang sanggol sa kanyang tiyan ay nagalak, at nang isilang ni Maria si Hesus nagalak ang mga pantas at mga pastol. Ang pagdala kay Hesus sa templo ay nagbigay ng kagalakan kay Simeon. (Lucas 2:28)
Noong labing-dalawang taon na si Hesus at nawala, laking tuwa ni Maria nang siya ay kanilang matagpuan sa loob ng templo na nagturo sa mga guro.

Ganoon din naman sa **Misteryo ng Liwanag** ipinakita ni Hesus ang kanyang mga gawain na nagdulot ng kasiyahan sa tao. Mula sa kanyang pagbibinyag sa Ilog Jordan. Ang una niyang himala sa kasalan sa Canaan ay nagbigay kasiyahan sa mga ikinasal. Ang pangngaral niya ng pagbabalik-loob sa Diyos. Sa kanyang pagbabagong anyo, ang tatlong alagad ay hindi natakot bagkus nais na manatili sa bundok. Sa pagtatag ni Hesus ng Banal na Eukaristiya tayo ay nagagalak dahil patuloy natin siyang makakasama. Mula sa kanyang pagsilang hanggan sa kanyang muling pagkabuhay kagalakan ang dulot niya sa atin. Katulad ng mga babaeng pumunta sa kanyang libingan subalit hindi nila nakita ang kanyang katawan sa halip nagpakita sa kanila ang isang anghel na sinabing muling nabuhay si Hesus at siya ay matatagpuan nila sa Galilea. At dali-dali silang umalis sa libingan at pinagharian sila ng magkahalong takot at tuwa. (Mateo 28:8)

Kung si Hesus ay nagdadala ng kagalakan sa atin, tayo rin ba ay nagdadala ng kagalakan sa iba? Kung ang mga kaibigan mong bisita ay nagbigay sa iyo ng kagalakan, paano ka naman magbibigay ng galak sa kanya? Maaring aliwin mo siya, bigyan ng pagkain at ipadama sa kanya ang kagalakan na naidulot sa iyo ang kanyang pagdating. **Dahil sa paglilihi ni Maria siya rin ay nagalak kaya ibig niyang ibahagi ang kanyang kagalakan kay Elisabet kaya dumalaw siya kay Elisabet, at tumigil doon ng ilang buwan upang tumulong kay Elisabet. Ito ay nagdulot ng malaking kaligayahan kay Elisabet. (Lukas 1:36)**

Kung si Maria dahil sa kanyang kagalakan ay nagdala ng kagalakan kay Elisabet at sa sanggol sa kanyang tiyan at tumulong pa kay Elisabet, inaasahan din tayo ni Hesus na ibahagi ang kagalakan ating nadarama sa iba tulad ng kung may natanggap kang laruan sa iyong kaarawan o pasko ibahagi mo rin ito sa iyong mga kaibigan nang sa ganoon sila rin ay maging masaya.

Si Hesus na naging tao ay kagalakan sa lahat at ang kayang pagiging tao ay ipinahahayag natin tuwing tayo ay nagdarasal ***"Sumasampalataya ako kay Hesukristo iisang anak ng Diyos, Panginoon natin lahat, nagkatawang-tao, lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Maria Birhen."*** (CCC 423, 456)

Sa pagdarasal natin ng Santo Rosaryo hindi natin mabubuo ito kung hindi natin ipapahayag ang ating pananampalataya. At tuwing darasalin natin ang ***Sumasampalataya,*** si Hesus na kagalakan at naging tao ay patutloy na sumasaatin at ang kagalakan ay nananatili sa ating hanggan ngayon. Kaya nga sa Banal na Misa kung saan patuloy na binibigay ni Hesus ang Kanyang presensiya, tayo ay nadiriwang na may kagalakan sa puso.

Tugon ng Pananampalata

Paniniwala: Naniniwala ako na si Hesus ay Kagalakan sa lahat ako rin ay magdudulot ng kagalakan sa aking kapwa.

Pagkilos: Paano ka makakapagdulot ng kagalakan sa iyong kapwa?
Takdang – araling – Isaulo ang mga misteryo ng tuwa at liwanag

Pagdiriwang: Muling aawitin ang ***"Ang puso ko'y nagpupuri"***

Maria P. Tan
San Antonio Abad Parish
Diocese of Pasig

Mayo 8, 2009, Biyernes
Unang Linggo : Panalangin
Ika-5 Paksa : Mga Misteryo ng Hapis at Luwalhati

Pagpapahalaga : Pag-asa

Pambungad na panalangin: Aba Ginoong Maria at Luwalhati

Sitwasyon ng Buhay:

- Sino rito ang walang kapatid?
- Anong maganda sa nag-iisang anak? – walang kaagaw sa lahat ng bagay, buo ang atensyon ng magulang, nasusunod ang gusto.
- Ano naman ang hindi maganda sa nag-iisang anak? - minsan malungkot, walang kalaro, walang kakampi, walang tinatakbuhan kapag may problema.
- Sino naman ang maraming magkakapatid?
- Anong maganda sa maraming magkakapatid? - masaya, may nakakatulong sa gawain bahay, sa assignment, may natatakbuhan kapag may problema, may kakampi.
- Ano naman ang hindi maganda sa maraming kapatid? - magulo, nag-iinggitan, nagtuturuan sa gawain bahay, nagkukulang sa gamit o pagkain.

Ang anak ay biyaya ng Diyos sa mag-asawa, iisa man ito o marami. At bilang biyaya ito ay nagdadala ng kasiyahan sa mga magulang. Sa panahon natin ngayon at sa hirap ng buhay kapag maraming anak, ang ina ay napipilitan tumulong sa tatay sa paghahanap-buhay upang maitaguyod ang kanilang mga anak. Dahil dito ang magulang ay madalas wala sa bahay at nawawalang na ng panahon sa kanilang mga anak at kadalasan ang pag-aaruga at pag-aalaga ay naiiwan sa nakatatandang anak. Hirap man sila pero pilit nilang itinataguyod ang pagpapalaki at pagpapa-aral sa kanilang mga anak. Hindi alintana ang hirap mabigyan lang ng magandang kinabukasan ang kanilang mga anak. Magandang kinabukasan ng mga anak ang kanilang inaasam sa bawat paghihirap na kanilang dinaranas. Maaring maraming tayong paghihirap na daranasin dito sa lupa subalit may pangako ang Diyos sa atin ng kaginhawahan. Basahin natin ang sinasabi sa Banal na Kasulatan.

Salita ng Diyos:

1 Ped.3-4,6

Purihin natin ang Diyos at Ama ng ating Panginoon Hesus. Dahil sa laki ng habag niya sa atin, tayo'y isinilang sa isang panibagong-buhay sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Hesukristo. Ang bagong-buhay na iyang ang nagbigay sa atin ng malaking pag-asa na makakamtan natin ang isang kayamanang walang kapintasan, di masisira, at di kukupas. Ang kayamanang iya'y nakalaan sa inyo doon sa langit. Ito'y dapat ninyong ikagalak, bagamat maaaring magdanas muna kayo ng iba't-ibang pagsubok sa loob ng maikling panahon.

- Anong ibinigay ni Hesus sa atin sa kanyang muling pagka-buhay? - Bagong-buhay.
- Anong idinudulot ng bagong-buhay sa atin? Pag-asa na makakamtan natin ang buhay na walang hanggan.
- Ano ang dadanasin natin upang makamtan ang pangakong ito? Mga pagsubok.

Mula sa binasa natin, ating nalaman na tayo ay may inaasam kayamanan sa langit mula Diyos subalit tayo muna ay magdaranas ng mga pagsubok. Tulad ng ating mga magulang nagtitiyagang maghanap-buhay. Minsan ang nanay ay pumupunta sa ibang bansa upang maghanap-buhay tinitiis niyang mapalayo sa kanyang mga anak dahil ibig niyang lumaki at maging maganda ang kinabukasan ng kanyang mga anak. Kagaya ng ating Ama sa langit ibinigay sa atin si Hesus, nagtitiis ng mga hirap dito sa lupa upang sa kanyang muling pagkabuhay mabigyan tayo ng bagong-buhay na magdudulot ng pag-asa sa atin. Ang pag-asa na ito ay bunga ng paghihirap ni Kristo Ito ang dahilan kung kaya sa buhay natin hindi tayo nawawalan ng pag-asa na sa kabila ng mga kahirapan sa pagtataguyod ng mga anak natin, may inaasahan din tayong kaginhawahan makakamtan pagdating ng araw kapag nakita natin na maayos ang buhay ng mga anak natin. Katulad ng sinabi ng Diyos maaring magdanas tayo ng mga pagsubok subalit may matatanggap tayong kayamanan sa langit. Ano mang hirap natin sa buhay, ito nakakayanan nating dahil sa pag-asang ibinigay sa atin ng Diyos. Ang pag-asang ito ay natamo natin dahil sa mga paghihirap, pagkamatay sa krus at muling pagkabuhay ni Hesus.

Si Hesus na tinuya, hinagupit at ipinako sa krus ngunit muling nabuhay sa ikatlong araw (Mt. 20:19) upang ating makamtan ang pag-asang bigay ng Diyos Ama. Hindi madali ito kay Hesus. Katulad ng mga magulang hindi madali sa kanila ang paghihirap para sa kanilang mga anak subalit kailangan gawin nila ito. Minsan kapag maraming magkakapatid at kinakapos sa pagkain, nakapagsasalita ang anak sa kanilang magulang na *"nag-aanak kasi ng marami tapos kami ang pinahihirapan"* masakit subalit wala na silang magagawa kundi magtiis at tanggapin ang kanilang sitwasyon sa buhay. Nangyari din ito kay Hesus noong bago siya hulihin ng mga sundalo, siya ay nananalangin sa Hardin ng Getsemani. Alam niya kung anong hirap ang kanyang daranasin kay sinabi niya sa Ama na kung maaari ay alisin sa kanya ang

saro ng paghihirap gayunman sinabi niyang huwag ang kalooban niya ang masunod (Mc14:36), (unang misteryo ng hapis) alam ni Hesus ang mga hirap na daranasin niya subalit sinunod niya ang kalooban ng Ama dahil sa pag-asang magdudulot siya ng kaligtasan sa sanlibutan. Ang Anak ng Tao ay dapat magbata ng maraming paghihirap.(Lu.9:22) ang mga paghihirap ni Hesus ay patuloy natin napagninilayan sa mga misteryo ng hapis, sa ikalawang misteryo si Hesus ay hinagupit at pinaghahampas sa haliging bato (Mat 27:26) matapos na siya ay koronahan ng mga tinik, pinapasan sa Kanya ang Krus na siyang pagpapakuan sa Kanyanhanggan sa Golgota kung saan si Hesus ay ipinako at namatay. Alam ni Hesus sa ikatlong araw ng kanyang pagkamatay siya mabubuhay na mag-uli (unang misteryo ng luwalhati) Mt.28:6)upang magkaroon ng bagong–buhay at pag-asa ang sanlibutan. At sa ikalawang misteryo ng luwalhati kung saan si Hesus ay umakyat sa langit (gawa1:11) binigyan niya ng pag-asa ang mga apostol na siya ay babalik at pagkaraan ng limampung araw bumaba ang Espiritu Santo kay Maria at mga alagad. Sa ika-apat na misteryo si Maria na buong buhay ay naki-isa sa kanyang anak sa paghihirap ay iniakyat sa langit, katawan at kaluluwa at siya ay pinutongan ng korona bilang reyna ng langit at lupa.

Kung ang anak ng Diyos ay nagbata ng maraming hirap paano tayo makikiisa sa Kanyang mga paghihirap? Kinakailangan tanggapin at mapagtagumpayan natin ang mga pagsubok sa ating buhay. Kung binibigyan tayo ng maraming anak nararapat na ito ay ating mahalin, itaguyod at palakihin at hindi pababayaan o kaya ipamigay dahil sa ating katandaan maaari din na sila ang maging gabay o mag-aalaga sa atin. Sa bawat pagsubok may kalakip na tagumpay na nakalaan sa atin. Sa halip na tayo ay magreklamo buong puso natin **tanggapin ang mga mumunting krus na dumarating sa ating buhay. (Lu.9:23).** Tulad ni Hesus minsan pinanghihinaan din tayo at nasasabi natin na tayo ay pinababayaan na Niya subalit dahil sa pag-asa tayo ay nakakabangon pa rin at patuloy na nakikibaka sa hirap nga buhay Sa ganitong paraan tayo ay nakikiisa sa mga paghihirap ng ating Panginoon Hesus. .

Tuwing tayo ay magsisimba pinapaalala sa atin ang pag-aalay ng buhay ng ating Panginoon Hesukristo para sa ating bagong-buhay na nagdudulot ng pag-asa na makakamtan natin ang buhay sa langit. **Sa pagdiriwang natin ng Banal na Eukaristiya nakikita natin na hindi laman ito isang paggunita ng paghihirap at kamatayan ni Kristo, hindi rin ito kasalukuyang pamamaraan ng pagpuno ng grasya sa ating kaluluwa kundi ito'y pangako ng hinaharap nating kaluwalhatian.(KPK 1730)** Palagi natin ilaan ang araw ng linggo para sa Diyos, unahin natin ang pagsisimba kaysa pagtatrabaho. Minsan kasi nagiging dahilan ang ating mga gawain upang hindi tayo magsimba.

TUGON: Naniniwala ako na sa bawat paghihrap may pangako ang Diyos na Makakamit nating ang kaluwalhatian.

HAMON: Ano ang maaari kong gawin upang matulungan ang aking mga magulang sa kanilang pagtataguyod sa aming magkakapatid.

Pagdiriwang: Dasalin ang Misteryo ng Luwalhati

Maria P. Tan
San Antonio Abad Parish
Diocese of Pasig

Mayo 11, 2009, Lunes
Ikalawang Linggo : Mga Aral Tungkol kay Hesukristo
Ika-1 Paksa : Si Hesus, Anak ng Diyos

Pagpapahalaga: Pagmamahal sa Diyos

Sitwasyon ng Buhay: Gawain

Magpagawa ng isang malaking puso sa notebook o sa isang papel. Sa loob ng puso ipasulat ang pangalan ng mga nagmamahal sa kanila.

- Sino-sino ang mga nagmamahal sa iyo na isinulat mo sa loob ng puso?
- Bakit mo nasabi na mahal ka ni _____? Paano ba niya/nila ipinakikita sa iyo na mahal ka niya/nila? *(Isa-isahin ang sagot ng mga bata.)*

Lagumin ang mga sagot ng bata. Gumawa rin ng isang malaking puso sa pisara at ilagay doon kung sino-sino ang mga nagmamahal sa kanila.

Mahal nila tayo sapagkat _____.

Pagpapalalim ng Pagpapahalaga

- Ano ang pakiramdam ng may nagmamahal?
- Ano ang pakiramdam ng walang nagmamahal?
- Kayo rin ba ay marunong magmahal? Sino ang inyong mga mahal?

Ang mga taong nagmamahal sa atin kadalasan ay ang mga taong minamahal din natin. Tama ba?

Ang pagmamahal ay isang damdamin. Hindi ito nakikita subalit naipapadama sa iba. Nakapagmamahal tayo sapagkat nilikha tayo ng Diyos na kalarawan Niya na marunong magmahal. Ang Diyos ay pag-ibig, Siya ang unang nagmahal sa ating lahat.

- Naniniwala ba kayo mga bata ng mahal tayo ng Diyos? Bakit?

Tama, mga bata, mahal na mahal ng Diyos ang tao. Ipinadama Niya ang Kanyang pagmamahal sa atin ng likhain Niya ang mundo. Lahat ng bagay na hindi ginawa ng tao ay Kanyang nilikha, katulad ng mga isda, halaman, puno at marami pang iba. Ano nga ba ang mga nilikha ng Diyos at bakit Niya nilikha ang mga ito?

Nagkasala ang tao hanggang dumating si Hesus bilang tagapagligtas. Siya ang pinakadakilang tanda ng pagmamahal ng Ama. Ngayon, pakinggan natin ang Ebanghelyo ayon kay San Juan.

Salita ng Diyos:

Juan 3:16 ***"Gayun ng lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kung kaya ibinigay Niya ang Kaniyang bugtong na anak……"***

- Sino ang ipinadala/ibinigay ng Diyos Ama sa atin?
- Bakit Siya ipinadala/ibinigay ng Diyos Ama sa atin?

PAGPAPAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

Katotohanan:

Tanda ng pagmamahal ng DIyos Ama sa ating lahat, ibinigay Niya ang Kanyang kaisa-isang anak na si HEsus. Ibinigay ng Diyos Ama sa atin si Hesus upang ipadama sa atin kung gaano Niya tayo kamahal.

- Paano Niya ipinadala sa atin si Hesus?

Pinili Niya ang isang dalaga ng magiging ina Niya at ito ay walang iba kundi si Maria.

- Tuwing kalian natin ipinagdiriwang ang pagdating ni Hesus sa mundo?

Tama, tuwing December 25 o Pasko ay ipinagdiriwang natin ang kapanganakan ni Hesus, ang Anak ng DIyos Ama na nagkatawang tao *(Larawan ng Belen).* Tuwing Pasko, hindi lamang dito sa Pilipinas nagsasaya ang mga tao, kundi sa buong mundo. Ipinagsasaya ng buong mundo ang pagdating ng Anak ng Diyos. Bagamat si Hesus ay wala na dito sa mundo ng pisikal, kasi naroon na Siya sa langit kapiling ng Ama, ay maari pa rin natin Siyang makapiling at makausap at iyan ay sa pamamagitan ng panalangin.

Pagsamba:

Sa panalangin ay tinatawag ng DIyos ang bawat isa sa matalik na pakikipagkaibigan sa Kanyang Anak.

- Nagdarasal ba kayo? Kailan?

Sa panalangin mas higit o lubos pa nating nakikilala si Hesus, ang Anak ng DIyos.

Pagsasabuhay:

Mahalaga na lubos pa nating kilalanin si Hesus at mahalin Siya. Maliban sa panalangin paano pa nating lubusang makikilala si Hesus ? *(Makinig sa katekesis, magsimba tuwing Linggo, etc).* Kapag kilala na natin si Hesus ay matutularan na natin Siya.

- Paano naman natin matutularan si Hesus sa Kanyang pagmamahal sa tao?

Hindi natin kayang pantayan ang pagmamahal ni Hesus sa tao subalit maari natin Siyang matularan. Sa Kanyang pagiging tao tulad natin, maliban sa kasalanan, itinuro sa atin ni Hesus sa Mabuting Balita ang kahalagahan ng pag-ibig sa DIyos at pag-ibig sa kapwa - isang natatanging pagkakakilanlan sa ating mga kristiyano*. "Ano man ang ginawa mo sa iyong kapwa ay ginawa mo na rin sa akin, "* wika ni Hesus.

Ipakita natin ang tunay na pag-ibig sa pamamagitan ng ating gawa, hindi lamang sa salita or wika.

Sa mga ginawang puso, may mga pangalan kayong isinulat doon sa loob ng puso. Sino-sino ang naroon at paano mo naipapakita na mahal mo sila? Ang mga kapamilya lamang ba ang mamahalin natin?

TUGON NG PANANAMPALATAYA

Paninindigan:

Buuin ang pangungusap

- Si ____ ay anak ng _____.

Pagtatalaga:

Isulat sa inyong notebook ang mga gagawin bilang pagpapakita ng pagmamahal sa DIyos at kapwa.

Pagdiriwang:

Panalangin

O Diyos AMa, napakabuti Mo. Ibinigay Mo sa amin ang Iyon Bugtong na Anak na si Hesus upang kami ay maligtas sa kasalanan. Maraming salamat sa lahat-lahat. Amen.

Manuel Rodriguez
San Jose Parish
Diocese of Novaliches

Mayo 12, 2009, Martes
Ikalawang Linggo : Mga Aral Tungkol kay Hesukristo
Ika-2 Paksa : Si Hesus, Anak ni Maria

Pagpapahalaga : Kagalakan

Sitwasyon ng Buhay:

1. Pagpapakita ng larawan ng "sabsaban"
2. Karanasan ng mga pangyayari na nagdudulot sa kanila ng kagalakan

Salita ng Diyos:

Lucas 2:2-7 ***" Samantalang naroroon sila, dumating ang oras ng panganganak ni Maria at isinilang niy ang kanyang panganay at ito'y lalaki."***

- Ayon sa ating pagbasa, sino ang emperador na nagutos na ang lahat ng kanyang nasasakupan ay dapat magpatala? (Emperador Augusto)
- Ano ang ginawa ng mga tao? - Umuwi ang bawat isa sa sariling bayan upang ano? Magpatala o magpalista.
- Saan naman pumunta si Jose? Sa Bethlehem, Judea.
- Sinong hari ang sinilang sa Bethlehem, Judea noon? Haring David
- Anong angkan at lahi si Jose? Haring David
- Sino ang kasama ni Jose na magpatala? Si Maria na kanyang magiging asawa
- Ano ang kalagayan ni Maria samantalang sila ay naroroon? Si Maria ay buntis at manganganak na at isinilang niay ang kanyang panganay at ito'y lalaki ba o babae?
- Pagkatapos, ano ang ginawa sa sanggol? Binalot ng lampin at ihiniga sa isang sabsaban.
- Bakit sa sabsaban ihiniga? Sapagkat wala ng lugar para sa kanila sa bahay panuluyan.

Pagpapalalim ng Pagpapahalaga

- Ano ang mararamdaman mo kung makita mo ang bagong kapatid mo na kalalabas pa lamang sa iyong ina? Magagalak ka ba?

- Noong nakaraan Pasko, marami kang natanggap na regalo. Alin sa mga regaling natanggap mo ang nagbigay sa iyo ng kagalakan? Bakit?

PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

Katotohanan : Si Hesus ay isinilang ni Maria

- Sino ba sa inyo si Maria? Ina ng Diyos at ng manunubos. Siya rin ang mahal na anak na babae ng Ama at ang templo ng Espiritu Santo.

Pagsasabuhay :

Ang pananampalatay kay Kristo ay nagbubunga ng kagalakan. Sa pagliligtas Niya sa atin, pinagyayaman ng pananampalataya kay Kristo ang kahalagahan ng kaligayahang espirituwal. Kaya't ipinahahayag ni Maria, *"Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon at nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas".*

Katulad ni Maria gawin natin Siyang huwaran sa pagsunod sa Diyos.

Pagsamba:

Ipagdiwang ang Banal na Eukaristiya bilang isang pamilyang nagmamahalan kahit sino ka pa. Sa ating pagtanggap kay Hesus sa Banal na Eukaristiya ay lalo pang pinalalakas ang ating ugnayan sa DIyos at sa ating kapwa. *"Papuri sa Diyos sa kaitaasan, at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan Niya!*

TUGON SA PANANAMPALATAYA

Paninindigan :

Buuin ang pangungusap.

- Si _____ ay anak ni Maria.

Pagtatalaga :

Ano ang gagawin mo upang ikaw ay makapagdulot ng kagalakan sa iba?

Pagdiriwang:

Awit: Papuri sa Diyos (May kilos)

Papuri sa Diyos, papuri sa Diyos
Papuri sa Diyos sa kaitaasan (3x)

Manuel Rodriguez
San Jose Parish
Diocese of Novaliches

Mayo 13, 2009, Miyerkules
Ikalawang Linggo : Mga Aral Tungkol kay Hesukristo
Ika-3 Paksa : Si Hesus, Ating Tagapagligtas

Pagpapahalaga: Pag-aalay ng Sarili

Pambungad na Panalangin : Ama Namin

Sitwasyon ng Buhay: Kuwento ni Sajid Bulig

Si Sajid ay 13 taong bata na taga Bocaue, Bulacan, ipinanganak noong Jan 24, 1980, pangalawa sa 3 magkakapatid. Mahilig siya sa sports, magaling sa Math at pagguhit. Natuto siyang lumangay sa tulong ng kanyang ama.

Noong July 2, 1993, nagpaalam siya sa kanyang ina na sasama sa prusisyon na gaganapin sa ilog. Sa prusisyon na ito ang malaking krus na laging dinadala taun-taon ay isinasakay sa pagoda (isang malaking bangka) na kinalululanan din ng mga tao na nakikiisa.

Nagsimula ng umusad ang pagoda para sa pagsisimula ng prusisyon subalit hindi pa nagtatagal unti-unti ng lumubog ito. Nagkagulo at nagtalunan ang mga tao, isa dito si Sajid na tumalon sa tubig ay lumangoy sa tabi kasama ang kanyang kaibigan na nagyaya kaagad na umuwi. Subalit hindi matiis ni Sajid ang mga taong nakikita niyang nalulunod kaya pabalik-balik niyang sinagip ang mga ito. Unang sinagip niya ay 2 taon gulang na bata sumunod pa ang limang bata. Sa ikapitong sasagipin niya hindi na niya nagawang lumangoy pa dahil tinamaan siya ng malaking kahoy sa ulo na agad niyang ikinamatay . Isinakripisyo niya ang sariling buhay para sa kanyang kapwa.

Pagtatanong:

- Sino si Sajid Bulig?
- Anong nangyari habang sila ay nakasakay sa pagoda?
- Ano ang kanyang ginawa nang lumubog ang pagoda?
- Ano ang nagging kapalit ng kanyang paliligtas sa mga bata?

Si Sajijid Bulig ay isa lamang ordinaryong bata subalit kahanga-hanga ang kanyang ginawang pagliligtas ng buhay ng iba, kapalit ng kanyang buhay. Hindi niya inalintana ang panganib dahil nakatuon siya sa kapakanan ng iba.

- Naranasan niyo na rin bang magligtas ng iba? Halimbawa ang iyong kapatid na muntik nang mahulog, kaklase na muntik nang masagasaan . Kaibigan muntik nang makagat ng aso…

- Anong ginawa ? paano mo siya iniligtas o tinulungan sa sandaling iyon.
- Naging madali ba para sa ‘yo na gawin ito?

Kadalasan hindi ito madaling gawin ito sapagkat habang itinataya natin ang ating buhay para sa iba nangangailangan tayo ng tapang para harapin ito. Hindi man natin maparisan ang ginawa ni Sajid pero magagawa rin nating na mag-alay ng sarili kahit sa maliliit na paraan katulad ng mga nabanggit kanina. Ang pag-aalay ng sarili ay pagpapakita ng pagmamahal sa kapwa. Mahalaga bang mag-alay ng sarili para sa iba? *(collect answers)….*Ipinakita ni Hesus sa atin ang kahalagahan nito tulad ng kanyang sinasabi sa pagbasa ngayon na ating maririnig…..

Salita ng Diyos :

Juan 10:11-16 “Ang mabuting Pastol”

Mga tanong:

- Ayon sa pagbasa, sino ang tinutukoy na Mabuting Pastol?
- Bakit niya sinabi na Siya ang Mabuting Pastol?
- Ano ang kanyang ginagawa sa tupang wala sa kulungan?
- Bakit Niya ginagawa ito?

Ginagawa Niya ito dahil sa pagmamahal sa Kanyang mga tupa. Si Hesus ang Mabuting Pastol at tayo naman ang mga tupa. Hindi ni tayo pinababayaan bagkus inaalagaan at hinahanap Niya ang mga nawawalang sa kanyang piling. Hindi Siya tulad ng mga upahan na kapag nasa panganib ang mga tupa kanilang iniiwanan ito upang hindi sila mapasok sa panganib. Handang ibigay ng Mabuting Pastol ang kanyang buhay para sa atin. Kaya bilang Kanyang mga tupa tinutularan natin ang kanyang magandang halimbawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng ating sarili sa ating kapwa na nangangailangan ang tulong na bagamat mahirap dahil kinakailangan itaya ang ating sarili, bilang tanda ng pagmamahal katulad ng ginawa ni Sajid Bulig hindi inalintana ang panganib makapagligtas ng ng tao. Higit pa rito ang ginawa ng ating Mabuting Pastol na nagdulot ng kaligtasan hindi laman sa iisa o lilimang tao kundi sa lahat ng tao sa mundo **SI HESUS NA TAGAPAGLIGTAS AY NAG-ALAY NG BUHAY DAHIL SA PAG-IBIG NIYA SA ATIN** (CFC 558) . Tayo ay naliligtas sa pamamagitan ng ganap na paghahandog ng pag-ibig ni Hesus para sa Kanyang Ama at para sa atin, isang pag-ibig na isinabuhay niya hanggan sa kamatayan. Si Kristo ay itinalaga ng Ama at isinugo sa daigdig “ibinigay Niya ang kanyang sarili upang iligtas tayo sa lahat ng kalikuan at linisin para maging kanyang bayan na nakatalagang gumawa ng mabuti (Tito 2:14) at sa ganitong paraan sa pamamagitan ng kanyang pagpapakasakit ay makapasok sa Kanyang kaluwalhatian. Siya ang pinuno ngunit siya rin ang lingkod ng mga tupa – naghahanap sa nawawala, nagtatanggol sa mahihina at gumagabay sa naglalakad. Sa ating buhay pananampalataya, si Hesus ang ating mabuting pastol. Sa kanyang buhay , kamatayan at muling pagkabuhay inaalagaan niya tayong mabuti at

inaakay sa kaligtasan. **GAYONG DAKILA ANG PAG-IBG NG DIYOS SA ATIN, DAPAT DIN TAYONG MAG-IBIGAN** (1Juan 4:11) Ang mabuting pastol ay may pananagutan sa Kanyang tupa. Tayo rin ay tinatawag na maging mabuting pastol ng ating kapwa. Marami rin naman tao na tumutulad kay Hesus, nag-aalay ng kanilang sarili dahil sa pagmamahal. Nariyan an gating mga magulang na nagsusumikap para sa kanilang anak, mga guro na matiyagang nagtuturo sa mga estudyante, mga taong tumutulong sa pari at simbahan. Lahat nang ito ay nagpapakiita ng pagmamahal.

Ang bawat tao ay may pag-aalay ng sarili para sa kanyang kapwa maliit man ito o malaki , tulad ni Sajid Bulig , hindi rin naghihintay ng kapalit ang mga taong ito. Si Hesus ang unang nag-alay ng kanyang sarili para sa tao at hanggang ngayon patuloy natin inaalala ang kanyang pag-aalay ng sarili sa pamamagitan ng Banal na Eukaristiya. **SA BANAL NA EUKARISTIYA, SI HESUS SA ANYO NG TINAPAY AT ALAK AY PATULOY NA NAG-AALAY NG SARILI PARA SA ATING KALIGTASAN** (CFC 1727). Mahalaga ang pakikiisa natin sa Banal na Eukaristiya tulad ng pag-awit, pagsagot sa pari at pakikinig sa salita ng Diyos.

Tugon ng Pananampalataya:

Iniibig ako ni **Kristo!** Inialay Niya ang kanyang buhay upang ako ay **maligtas.**

Pagdiriwang :

Awitin : Ang Panginoon ang aking Pastol.

Maria P. Tan
San Antonio Abad Parish
Diocese of Pasig

Mayo 14, 2009, Huwebes
Ikalawang Linggo : Mga Aral Tungkol kay Hesukristo
Ika-4 Paksa : Si Hesus at Ang Espiritu Santo

Pagpapahalaga: Paggawa ng mabuti /pagsunod

Sitwasyon ng Buhay :

1. Sino ang nakakakita sa hangin?
2. Paano natin nalalaman na may hangin?
3. Kailangan ba natin ang hangin? Bakit?

Tama kayo mga bata, kailangan nga natin ang hangin. Dahil kung wala ang hangin hindi tayo mabubuhay. At walang sinuman ang nakakakita sa hangin pero ito ay ating nararamdaman sa ating sarili o di kaya nakikita natin sa mga dahon ng halaman at puno na gumagalaw ang mga ito. Si Hesus at Espiritu Santo ay hindi rin natin nakikita ngunit nadadama natin na nasa atin at kasama natin sa araw –araw . paano natin nakikita ito sa ating sarili sa pamamagitan ng ating mabubuting gawa. Bago tayo magpatuloy nais ko muna kayong makinig ng isang kwento mula sa Banal na Kasulatan (Bibliya). Handa ba kayong makinig?

Salita ng Diyos:

Lk. 1:26-35, Mt. 3: 16-17/ Gawa 2: 1- 4

Pag-uugnay :

Si Hesus at Espiritu Santo ay hindi natin nakikita tulad ng hangin ngunit nasa puso natin. Lahat ng ating ginagawa na mabuti ito ay gabay ni Hesus at tulong ng Espiritu Santo. Kaya lahat ng ating ginawa na mabuti, nakikita o nadadama na si Hesus at Espiritu Santo ay nasa atin palagi.

Pahayag ng Pananampalataya

Katotohanan:

Si Hesus ay ipinaglihi sa sinapupunan ng Birheng Maria sa pamamagitan ng Espiritu. Kagaya ng sinabi ng Arkanghel Gabriel sa kanya: *“Bababa sa iyo ang Espiritu, at liliman ka ng kapangyarihan ng kataas-taasan. Kaya’t Banal ang ipanganganak mo*

at tatawaging anak ng Diyos." Sa binyag kay Hesus, ang Espiritu Santo ay pumanaog kay Hesus doon sa Ilog Jordan. Nabuksan ang langit at nakita niya ang Espiritu Santo ng Diyos, bumababa sa kanya, gaya ng isang kalapati. Noong araw din ng Pentekostes, pumanaog ang Espiritu Santo sa Birheng Maria at mga alagad na natitipon sa Senakulo sa Jeursalem. Si Hesus ay mismo ang naghayag sa espiritu Santo ng sabihin Niya sa kanyang mga alagad na humayo kayo binyagan ninyo ang lahat ng bansa sa ngalan ng Ama , ng Anak at ng Espiritu Santo.

Bago muling nabuhay si Hesus, ipinahayag niya ang pagpanaog ng isang pang persona (ang Tagapagtanggol) ang Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo na gumawa na sa paglalang ng sanlibutan at sa pamamagitan ng mga propeta, ay makakapiling ng mga alagad at sumasakanila upang turuan sila at akayin sa buong katotohanan. Ang Espiritu Santo ay walang pinagmulan ay naghahayag ng kanyang sarili. Ang Espiritu ay isinugo sa mga apostol at sa Iglesia ng Ama sa ngalan ng Anak at ng mismong anak sa kanyang pagbabalik sa Ama. Ang pagsugo sa persona ng Espiritu Santo, pagkaraan ng pagpaparangal kay Jesus ay lubusang pahayag ng mistery na Santisima Trinidad (Iisang Diyos) (KIK 243-245 , 246-48)

Pagsasabuhay:

Ang tradisyon ng Latina ng Sumasampalataya ay nagtuturo na ang Espiritu Santo ay nagmumula sa Ama at sa Anak. Ang buhay at pakikiisa ng Simabahan ay parehong pinagyayaman ng mga "karisma" ng Espiritu Santo. Inilarawan ni San Pablo ang karismatikong kaloob na iginagawad ng Espiritu Santo sa bawat –isa na bahagi ng Simbahan para sa kabutihan ng buong katawan. Ang bawat isa'y binigyan ng kaloob na naghahayag na sumasa-kanya ang Espiritu Santo para sa ikabubuti ng lahat. Ang Espiritu Santo ay tinanggap natin ito ng tayo'y binyagan. Binigyan tayo ng kakayahan na maipahayag ang mga aral ng Diyos at bawat-isa ay may kakayahang na makaunawa sa mga aral ng Diyos. Si Hesus at Espiritu Santo ay nagkaloob sa atin ng malaking pananalig sa Diyos Ama. Iginigiit ng **PCPII** na ang Espiritu Santo ang pangunahing tagapagpalaganap ng Mabuting Balita at patuloy na nagdadala sa kaganapan ng Gawain ni Kristo. Katulad ng hangin sabi ninyo kanina na kailangan natin ito dahil kung walang hangin tayo ay di mabubuhay. Ang hangin ay mula sa Diyos. Si Hesus at Espiritu Santo ay katulad ng hangin na hindi natin nakikita pero lagi natin kasama sa lahat ng ating ginagawang mabuti sa ating kapwa. Kaya kailangan natin si Hesus sa ating buhay sapagkat siya ang magliligta sa ating mga kasalanan at ang Espiritu Santo ang gumagabay sa atin sa paggawa ng mabuti. (KPK 1304)

Pagsamba:

Makiisa sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya upang purihin si Hesus at ng Espiritu Santo tuwing araw ng Linggo. Sa Banal na Misa ay kasama natin si Hesus at Espiritu Santo at ganon din ang Mahal na Ina na si Birheng Maria. Sa pagdiriwang din ito ay dinarasal natin ang sumasampalataya at Ama namin. Sa panalanging ito tayo ay

nasasabi natin ang Ama, Anak at ang Espiritu Santo na ipinagkaloob sa ating para makatawag sa kanya ng “Abba!” Ama Ko! Sa gayon isa itong panalanging nagpapaloob sa atin sa magkasamang mapagligtas na misyon ng Anak at ng Espiritu Santo. Ito rin ang magdadala sa atin sa kaganapan ng buhay.

Tugon ng Pananampalataya:

Naniniwala ba kayo kay Hesus at sa Espiritu Santo kahit hindi natin nakikita?

Panalangin:

Dasalin ang Ama Namin O Sumasampalataya Ako

Buod:

Si Hesus ay toong Diyos at toong tao. Ang Espiritu Santo at si Hesus ay iisang Diyos pero bahagi sila sa Tatlong persona sa iisang Diyos. Ang ating gabay at tagapagligatas.

Deling Polison
SPA Parish
Archdiocese of Manila

Mayo 15, 2009, Biyernes
Ikalawang Linggo : Mga Aral Tungkol kay Hesukristo
Ika-5 Paksa : Si Hesus at Ang Simbahan

Pagpapahalaga: Pagkakaisa sa pamilya

Sitwasyon ng Buhay: Gawain: Family Chain

A. Lahat tayo ay kabilang sa isang pamilya. Ano nga pangalan ng iyong Pamilya Alalahanin ninyo kung sinu-sino ang kasama ninyo sa inyong pamilya at mag-isip kayo ng isang katangian ng bawat miyembro. *(maikling katahimikan)*

B. Sa inyong papel ay may naka-drawing na chain. Isulat ninyo ang mga pangalan ng miyembro ng inyong pamilya at katapat niyon, isulat nyo naman ang kanyang katangian. *(gagawin ang activity)*

- Ano ang masasabi ninyo sa pagkakadugtong-dugtiong ng kadena(chain) Mahalaga ba na magkakadugtong sila? Bakit?
- Ano ang mangyayari kung hindi sila magkakarugtong?
- Ano kaya ang maaaring dahilan ng paghihiwalay nito?
- Isipin ninyo na ang mga kawil ay kayong mga miyembro ng inyong pamilya, ano ang masasabi mo kung magkakaugnay kayo?
- Paano ba nagkakaisa ang pamilya?
- Maganda bang makita ito sa bawat pamilya? Bakit?

Tama, ang bawat miyembro ng isang pamilya ay inaasahang magkakaugnay upang lumago, sama-samang gumawa, nagtutulungan, tinatama ang mali sa maayos na paraan. Sila ang halimbawa ng nagkakaisang pamilya sapagkat ito rin ang inaasahan ni Hesus sa atin. Mayroon tayong ugnayan sa Kanya at sa bawat isa. Paano kaya iyon. Pakinggan natin ang paliwanag ni San Pablo sa kanyang sulat sa mga Taga-Epeso.

Salita ng Diyos:

Epeso 4: 11, 15-16

- Ayon kay san Pablo, tayo daw ay bumubuo ng _____
- Sino naman ang tinutukoy niyang ulo?
- Anu-ano ang mga binigay na biyaya ni Hesus sa katawan?

Ibig sabihin binigyan ni Hesus ng regalo ang bawat bahagi ng katawan at ang katawang iyon ay walang iba kundi tayong lahat. At ang katawan ay hindi dapat hiwa-hiwalay… ang paa karugtong sa hita, ang kamay ay karugtong sa katawan, etc. Paano kung walang paa, makakakilos ba ang katawan, kung walang kamay, makakagawa ba ang katawan. Tulad din tayo ng kadena, na magkakaugnay, hindi dapat paghiwalayin. Alam ba ninyo kung ano tawag sa katawang ito ni Kristo… sa ating lahat.

Pahayag ng Pananampalataya

Ang Simbahan ay ang Katawan ni Kristo. Ito ay ang sambayanang binubuo ng maliliit nating pamilya. Bukod sa ito ay ang katawan ni Kristo, ito rin ay tinatawag na:

- Pamilya ng Diyos
- Bayan ng Diyos
- Sambayanan ng Diyos

Kailan tayo naging bahagi ng pamilya ng Diyos?

Tama, sa Binyag, tayo ay naging bahagi ng pamilya ng Diyos, ng Simbahan. Dahil kabilang tayo sa pamilya ng Diyos, nagiging mga anak tayo ng Diyos at si Hesus ay ating kapatid. Kaya tinatawag natin siyang Kuya at ang kanyang ama ang ating Ama sa Langit. Ang galing ni Hesus ano, ayaw niyang mapahiwalay tayo sa kanya at sa kanyang Ama kaya isinama niya tayo sa kanyang pamilya. Dahil kasama tayo sa pamilya ng Diyos lahat tayo ay magkakapatid. At ang magkakapatid ay nagkakaisa kasama si Hesus.

Ano naman ang dapat gawin ng magkakapatid na kabilang sa Katawan ni Kristo?

Tayo ay tinatawagang maglingkod sa isat'-isa sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ating talent o regalo na ibinigay sa atin ni Kuya Hesus.

Ang bawat isa sa atin ay nakatanggap ng regalo galing sa Diyos, gusto niyang gamitin natin ito sa ikagaganda at ikabubuti ng kanyang pamilya.

Paano. *(magbibigay ng halimbawa ang katekista bilang simula ng pagbabahaginan).*

Very good, sa ganitong paraan, mapapakita natin na tayo ay nagmamalasakit at nagkakaisa bilang magkakapatid, mapapanatili natin ang kabutihan at kapayapaan sa loob ng ating pamilya. At pag ginawa natin ito, makikita sa bawat isa sa atin ang pagmamahal ng Diyos.

Paano at saan pa natin maipakikita ang pagkakaisa bilang bahagi ng simbahan?

Maipapakita pa rin natin ang pagkakaisa bilang miyembro ng katawan ni Kristo sa palagian at aktibong pakikilahok sa Banal na Eukaristiya. Sa Misa nakakaisa natin si Hesus, sama-sama tayong nagpapahayag ng pananampalataya sa Kanya kasama ang Banal na Espirito Santo na patuloy na nagpapabanal sa atin. Kaya nga kapag magsisimba tayo, kailangan:

- Dumating ka ng maaga.
- Makinig at sumama ka sa pagdarasal.
- Makikiisa ka sa pag-awit at panalangin.
- Kaya pagnagsisimba tayo, magdasal tayo, makiisa tayo, imagine hindi lang ikaw ang nagdarasal, lahat tayong magkakapatid ay nagdarasal sa Ama kasama si Hesus sa patnubay ng Banal na Espiritu Santo. Di ba mas powerrful ang dasal pagsama-sama bilang isang SIMBAHAN, bilang isang pamilya

Tugon ng Pananampalataya:

- Ano ang simbahan? Sino ang ulo ng simbahan?
- Ako ay kabilang sa simbahan… kaya ako ay _____
- Palagian akong makikiisa ako sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya kaisa ang buong simbahan.
- Awit: ***Kaisa Ako ni Hesus***

Other Activities:

1. Pagtugmain ang larawan sa mga pangalan na may kaugnay na talent. Isulat ang pangalan sa guhit

2. Magbigay ng 5 kaibigan o kaklase at ibigay ang kanilang mga talent.

3. Ikaw naman, ano ang magagawa mo. Kumpletuhin ang pangungusap.
   a. Kaya kong _____.
   b. Sa regalo kong ito, ako ay _____.

Carmen Asuncion
Diocese of Parañaque

Mayo 18, 2009, Lunes
Ikatlong Linggo : Ang Mga Sakramento
Ika-1 Paksa : Mga Banal na Tanda

Pagpapahalaga : Pagpapahayag ng Pagmamahal

Sitwasyon ng Buhay : Pagbabahaginan

- Sino o sinu-sino ang inyong "love"? O nagmamahal sa inyo?
- Paano ninyo/nila ipinakikita o ipinararamdam ang inyong/kanilang pagmamahal?
- Ano ang inyong/kanilang ginagawa, o ibinibigay, o sinasabi lalo na sa mga espesyal na araw gaya ng kaarawan, Valentine's Day at Pasko?

Lahat tayo ay may minamahal at may nagmamahal sa atin – maging sino man sila: ating mga magulang, kapatid, kamag-anak, kaibigan at marami pang iba.

At may iba't ibang paraan tayo nang pagpapakita o pagpaparamdam ang ating pagmamahal: sa pamamagitan ng kilos, mga salita at sa mga bagay na ibinibigay natin bilang tanda ng ating pagmamahal sa kanila gaya ng flowers, card, etc. .

Ang ating ugaling pagiging mapagmahal ay bunga ng pagmamahal ng Diyos – na Siyang una pa man sa lahat ay nagpadama ng pagmamahal Niya sa tao sa iba't ibang paraan. Isang halimbawa ay ang nasusulat sa …

Salita ng Diyos:

Markos 9: 33-34 Pinagaling Ni Jesus ang Taong Bingi at <u>Utal</u>

" *…. At isinuot ang kanyang mga daliri sa mga tainga nito Pagkatapos, lumura at hinipo ang dila nito. Tumingala si Jesus sa langit at nagbuntong hininga, at sinabi sa tao, "Effata", ibig sabihi'y "Mabuksan!" At nakarinig na ito, nawala ang pagkautal at nakapagsalita na nang malinaw.*

- Mula sa ating narinig na pagbasa, ano ang mga ginawa ni Jesus? (isinuot ang daliri sa tainga, lumura at hinipo ang dila, tumingala, nagbuntong hininga at sinabi "effata".
- Ano ang nangyari sa taong bingi at utal? (Nakarinig, nawala ang pagkautal at nakapagsalita nang malinaw)
- Ano ang nais na ipadama ni Jesus sa Kanyang mga ginawa na nagdulot ng kagalingan sa taong bingi at utal? (Pagmamahal)

Ang ating narinig na pagbasa ay isa lamang sa maraming nasusulat sa Banal na Aklat kung saan naipadama ni Jesus ang Kanyang pagmamahal sa tao sa pamamagitan ng kilos, salita at paggamit ng mga bagay. May nasusulat na nagpagaling Siya ng bulag, ketongin, pilay, etc. At nagpakain din Siya ng mga nagugutom. Lahat ng ito ay ginawa Niya upang ipadama ang Kanyang pagmamahal sa tao.

(Interplay – Balikan ang Sitwasyon ng Buhay) Tulad ng ating pagpapahayag ng pagmamahal sa ating mga magulang, kapatid, kaibigan etc sa iba't ibang paraan gaya ng nabanggit ninyo kanina sa pamamagitan ng pag-gamit ng salita, kilos at bagay na tanda ng pagmamahal., si Jesus din ay patuloy na nagpapadama ng Kanyang pagmamahal sa atin hanggang sa kasalukuyan. PAANO?

Bago Siya umakyat na muli sa langit, nag-iwan Siya ng mga **Tanda** upang maipagpatuloy ang pagpapadama Niya ng pagmamahal sa tao. Ang mga tandang ito ay tinatawag natin ngayon na **Sakramento**.

Pahayag ng Pananampalataya :

Katotohanan:

Ang Sakramento ay mga nakikitang tanda ng pagmamahal at presensiya ng Diyos. (CFC 1519)

Banggitin ang Pitong Sakramento

Ang mga Sakramento o mga banal na tanda ay itinatag ni Kristo upang maging daluyan ng mga biyaya – mga biyaya ng Kanyang pagmamahal at presensiya. At sa pamamagitan ng Simbahan patuloy nating nadarama ang presensiya ni Kristo hanggang sa kasalukuyan. (CFC 1524)

Sa mga pagdiriwang ng Sakramento, tayo ay naniniwala na si Kristo mismo, sa pamamagitan ng mga salita at kilos ng ministrong nagdiriwang ng Sakramento, ang nagbibinyag, nagkukumpit, nagpapatawad, nagpapagaling, nag-aalay ng sarili at nagbubuklod sa pag-ibig ng ikinakasal. (CFC 1526)

May Pitong Sakramentong itinatag ni Kristo: Binyag, Kumpil, Banal na Eukaristiya, Kumpisal, Pagpapahid ng Langis sa may sakit, Kasal at Pagpapari.

Ang bawat sakramento ay may dulot na natatanging biyaya na nagpapamalas sa iba't ibang paraan ng presensiya at pakikipagtagpo ng Diyos sa atin sa karaniwan at mga espesyal na araw sa atin buhay. Halimbawa, noong tayo ay binyagan, una

nating tinanggap ang grasya at pag-ibig ng DIyos at tinatakan tayo bilang mga anak ng Diyos. (CFC 1528). Sa susunod na mga araw, pag-aaralan nating isa-isa ang pitong sakramento.

Ano ang nais ni Jesus na gawin natin bilang tugon sa pagpapadama Niya ng Kanyang pagmamahal sa atin sa pamamagitan ng mga sakramento?

Pagsasabuhay:

Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng sakramento,
unti-unti tayong binabago nang naaayon kay Kristo. (CFC 1529)

Sa tulong ng mga biyaya mula sa mga sakramento, nais ni Jesus na mahubog tayo ayon sa Kanyang pag-iisip, pagkilos, pananalita, pag-uugali, etc. Sa ganito tayo ay unti-unting lumalaki na katulad ni Kristo na mapagmahal, matulungin, magalang, mapagbigay, mapagpatawad, etc.

- Gusto ba ninyong lumaking tulad ni Kristo?
- Ano ang ugali ni Kristo na ibig ninyong tularan?
- Paano tayo mababago ng mga biyaya mula sa mga sakramento tungo sa pagiging katulad ni Jesus?

Pagsamba:

Sa wastong paraan ng pagtanggap ng mga sakramento
unti-unti tayong hinuhubog upang higit kaysa dati
ay maging “larawan at kawangis” ni Kristo. (CFC 1526)

- Paano tayo unti-unting magiging “larawan at kawangis” ni Kristo? (sa wastong paraan ng pagtanggap ng mga sakramento)

- Ano ang wastong paraan ng pagtanggap ng sakramento upang tayo ay mahubog at maging “larawan at kawangis” ni Kristo?

Nagkakabisa ang mga sakramento kung ang mga ito ay ipinagdiriwang ng may pananampalataya. (CFC 1530). Mahalaga na naniniwala tayo sa si Kristo mismo ang tunay na naroon sa bawat pagdiriwang ng sakramento upang maramdaman natin ang Kanyang pagmamahal at magkabisa ang mga biyaya mula sa sakramento tungo sa ating pagiging katulad ni Kristo.

Tugon ng Pananampalataya

Paniniwala:

Ano ang kahalagahan ng mga sakramento?

Naniniwala ako na ang mga sakramento ay mga banal na tanda ng pagmamahal at presensiya ng Diyos.

Paglikos:

Magbigay ng mga gawain na magpapakita na ikaw ay unti-unting nagiging “katulad” ni Kristo?

Pagdiriwang: Pag-aalay

Ma. Lourdes De Leon
Archdiocese of Manila

Mayo 19, 2009, Martes
Ikatlong Linggo : Ang Mga Sakramento
Ika-2 Paksa : Sakramento ng Binyag at Kumpil

Pagpapahalaga: Pagmamahal sa kapwa, kapamilya

Sitwasyon ng Buhay: Picture viewing: Batang Binibinyagan at Batang Kinukumpilan.

1. Sino-sino ang naririto sa Binyag? / sa Kumpil?
   - batang bibinyagan / batang kukumpilan
   - pari
   - magulang
   - ninang at ninong
   - mga kamag-anak

2. Ano ang napapansin ninyo na ginagawa ng Pari sa Binyag?
   - binubuhusan ng tubig
   - naglalagay ng tanda ng krus sa noo ng bata

3. Bakit nga ba binibinyagan ang bata?
   - para maging anak ng Diyos Ama

* Ang paglalagay ng "krus" + sa noo ng bata. Ang pari ang una na maglalagay ng tanda ng krus. Pagkatapos ang mga magulang ang Tatay at Nanay. Saka ang lahat ng Ninong at Ninang. Ang ibig sabihin nito ay, pagtanggap sa bata bilang kabilang sa Pamilya ng Diyos ang simbahan kasapi na siya sa pamilya ng Diyos, Kaya may karangalan o dangal na ang kanyang buhay.

* Pagbubuhos ng tubig sa noo ng bata at ang sinasabi ng Pari habang ibinubuhos ang tubig ikaw, John Anthony bibinyagan kita sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.

a. Ano ang ibig sabihin nito?
b. Ikaw John Anthony ay isinilang na Anak ng Diyos Ama.
c. Ikaw John Anthony ay kapatid na ni Jesus, ang Diyos Ama.
d. Ikaw John Anthony ay tahanan na ng Diyos Espiritu Santo.

4. Ano naman ang ginagawa ng Obispo sa Kumpil?
- Pinapahiran ng banal na krus sa noo ang bata, pinapatong ang kamay at sinasabi ng Obispo na tanggapin mo ang tatak ng kaloob ng Espiritu Santo.

* Ang lahat na pangyayaring ito ay pinagtitibay ni San Pablo sa kanyang sulat sa mga taga Roma 8:15 – 17

Pakinggan natin ng taimtim ang aking babasahin na sulat ni San Pablo sa mga taga Roma.

Salita ng Diyos: Roma 8:15 – 17

Ang tinanggap ninyo ay Espiritu ng pagiging Anak at ito ay nagbibigay sa atin ng karapatang tumawag ng Ama, Ama ko. At yamang mga Anak tayo'y tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Kristo

1. Ano ang nangyari sa mga taga Roma ng tinanggap nila ang Espiritu Santo?
- Nagiging Anak ng Diyos Ama.

2. Ano ang karapatang ibinigay ng Espiritu Santo sa mga taga Roma?
- Karapatang tumawag ng Ama, Ama ko.

3. Kailan naman tumira ang Espiritu Santo sa buhay ng tao?
* Sa Sakramento ng Binyag.

Pagsanib sa Sitwasyon ng Buhay at Salita ng Diyos

Sa totoong buhay ng bawat isa sa atin, lahat tayo ay tumatanggap ng Sakramento ng Binyag. Naranasan natin ang paglalagay ng Krus sa noo natin, ang unang naglagay nito ay ang Pari, ang ating magulang, at ang ating Ninong at Ninang.

Ang pagbuhos ng tubig sa noo natin Ikaw John Anthony bibinyagan kita sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo. Ikaw John Anthony – isinilang na Anak ng Diyos Ama Naging kapatid na ni Jesus (ang Diyos Anak) . Naging tahanan ng Diyos Espiritu Santo.

Kaya tayong lahat na mga Anak ng Diyos Ama ay tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Kristo na ating kapatid sa pananampalataya. At tuwi-tuwina tayo ay binigyan ng karapatan na tumawag ng Ama, Ama ko.

Pahayag ng Pananampalataya

Katotohanan: Si Hesus ay ating kapatid CFC 501
Ang Banal na kasulatan at ang Simbahan ay nagkakaisa sa pagpapahayag na totoong tao Si Hesus. Kayat ipinahahayag pinaglihi Siya sa bias ng Espiritu Santo ipinanganak si Santa Mariang Birhen. Upang maging Panginoon natin at maging tagapagligtas natin kinailangang matulad Siya (Jesus) sa Kanyang mga kapatid sa lahat ng paraan

umunlad sa karunungan, nauhaw, nagutom, tinukso, may matitinding damdamin, at higit ay nahabag.

Katotohanan: Sa Kumpil naman ang grasya ng binyag ay pinalalakas at pinapatotohanan. Nangangahulugan ito ng langit na matinding pakikibahagi sa misyon ni Kristo at ng simbahan.

Pagsasabuhay:

Bilang mga kapatid ni Jesus inaatasan tayo na magmahalan sa isat-isa, bilang mga kapatid ni Jesus. Paano ba kayo nagmamahalan sa inyong buhay?

Tularan si Jesus sa pagmamahal at pagbibigay sa ating kapwa. Tulad ng magbigayan magparaya sa mga pangangailangan ng mga kapatid, unawain ang mga kapatid, sa panahon na nanghihina ang damdamin sa kahirapan na nararanasan sa buhay. Tulad ni Jesus na ating kapatid inunawa Niya tayo sa lahat ng oras. Ang pamumuhay na may pagmamahal sa kapwa tulad ng mga ginawa ni Jesus. Ang pagpapalakas ng damdamin ng mga nanghihina, tinituruan ang mga walang nalalaman. Pinagagaling ang mga may sakit, binibigyan ng tubig ang mga nauuhaw. Kaya ang hamon sa atin ay maging Jesus tayo sa ating pagtulong sa ating kapatid.

Pagsamba:

Sa Sakramento ng Binyag at Kumpil, tinanggap natin ang bagong buhay kay Kristo. Ayon sa kalooban ng Panginoon, at kailangan ito para sa ating kaligtasan, tulad din ng Iglesia O Simbahan, na dito ay ipinapasok ang Sak. ng Binyag ang tao. Ang binibinyagan ay, nalilinis sa kanyang kasalanan mana at mga kasalanang personal. At pinag-iisa kay Kristo na ating kapatid. At pinalalakas ito ng Sakramento ng Kumpil.

Tugon sa Pananampalataya

Paniniwala: Naniniwala ako na si Jesus ay maging kapatid ko sa Sakrament ng BInyag at Kumpil.

Pagkilos: Paano mo ipapakita na kapatid ka ni Kristo sa iyong mga kapatid.

* Bahay --- tumulong sa mga Gawain.
* Kalaro --- magpapahiram ako ng mga laruan.
* Kamag-aral --- makipagkaibigan ako sa kanila
* Batang pulubi --- magbahagi ng pagkain

Aida Tuyor
Archdiocese of Manila

Mayo 20, 2009, Miyerkules
Ikatlong Linggo : Ang Mga Sakramento
Ika-3 Paksa : Sakramento ng Eukaristiya

Pagpapahalaga: Pakikipagkaisa / Relationship / Mabuting Ugnayan

Sitwasyon ng buhay: Pag-usapan ang kahalagahan ng pagkain na masustansiya sa ating katawan.

Activity: Pagtatanong:

1. Mga bata, magbigay kayo ng mga pagkain na masustansya sa ating katawan?
   * iba ibang uri ng prutas tulad ng Apple.
2. Ito bang mga pagkain na inyong sinasabi ay inyong nakakain?
   * Opo
3. Bakit kailangan natin kumain ng mga masustansyang pagkain?
   * Para tayo ay malusog at malakas.
   * Para may alerto na pagiisip.
4. Ano ba ang epekto ng pagkain na masustansya sa ating katawan?
   * Para tayo ay malakas palagi.
   * Upang makapagtrabaho ng maayos.

Summary: Ang mga pagkaing masustansya ay kailangan ng ating katawan. Tulad ng karne, ibat-ibang uri ng prutas, mansanas, saging, ibat-ibang uri ng mga gulay. Kailangan habang bata pa ay sanayin ninyong kumain ng gulay. At mga iba pang pagkain na nagdudulot ng mabuting epekto sa ating katawan.

Kaya sa ating Kaluluwa ang nagbibigay ng sustansya ay ang Salita ng Diyos.

Salita ng Diyos:

Juan 6:56 *Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay nananahan sa akin at ako sa kanya.*

Sino ang nagsasalita sa atin?
* Si Jesus.

Juan 6:51-56 *Ako ang pagkaing nagbibigay-buhay na bumaba mula sa langit. Mabubuhay magpakailanman ang sinomang kumain nito.*

At ang pagkaing ibibigay ko sa ikababuhay ng Sanlibutan ay ang aking laman. Dahil ditoy nagtalu-talo ang mga Judio. Paanong maibibigay sa atin ng taong ito ang kanyang laman upang kanin natin. Tanong nila kayat sinabi ni Jesus – Tandaan ninyo

malibang kanin ninyo ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang kanyang dugo hindi kayo magkakaroon ng buhay. Ang kumakain ng aking laman at uminom ng aking dugo ay may buhay na walang hanggan at muli ko siyang bubuhayin sa huling araw.

Sapagkat ang aking laman ay tunay na pagkain at ang aking dugo tunay na inumin. Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay nananahan sa akin at ako sa kanya.

1. Ano ang sinabi ni Jesus?
    * *Ako ang pagkaing nagbibigay-buhay na bumaba mula sa langit.*
    * *Mababuhay magpakailanman ang sinumang kumain nito.*
    * *Ang pagkaing ibibigay ko sa ikabababuhay ng Sanlibutan ay ang aking laman.*

2. Paanong maibibigay sa atin ng taong ito ang kanyang laman upang kanin natin? Tanong nila? Kaya ano ang sinabi ni Jesus?
    * *Tandaan ninyo malibang kanin ninyo ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang kanyang dugo hindi kayo magkakaroon ng buhay.*
    * *Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay may buhay na walang hanggan, at muli ko siyang bubuhayin sa huling araw.*
    * *Sapagkat ang aking laman ay tunay na pagkain, at ang aking dugo tunay na inumin.*
    * *Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay nananahan sa akin at ako ay kanya.*

Pagsasanib ng Sitwasyon ng Buhay at ang Salita ng Diyos

Ang mga masustansyang pagkain ay may mga epekto sa ating katawan. Ito ay nagpapalakas sa ating katawan. Para may alerto na pag-iisip. Upang makapagtrabaho ng maayos. Ang buhay na katawan ni Jesus sa anyong tinapay ay nagpapalakas ng ating katawan at ng ating Espiritu upang makapamuhay ng maayos ayon sa kalooban ng Diyos. Sa palagian na pagsisimba natin sa Jesus ay nasa atin sa Banal na Eukaristiya ay tinatanggap natin si Jesus ang pagkaing nagbibigay-buhay. Malimit natin siyang tanggapin nang may pananampalataya upang tumibay at lumago tayo sa pakikipagkaisa sa kanya at gayundin sa ating mabuting ugnayan sa ating kapwa.

Pahayag ng Pananampalataya

Katotohanan:

Sa banal na Eukaristiya ay tinatanggap natin si Jesus, ang pagkaing nagbibigay-buhay. CFC 1717919. Itinuturo ng tradisyong katoliko na lahat ng epekto ng totoong pagkain at inumin para sa buhay ng katawan-na nagpapanatili, nagpapaunlad, nagpapanibago at nagbibigay, linamnam-aya siya ring naidudulot ng Eukaristiya para sa buhay na pang-

espiritual. Pakikiisa kay Kristo-ang unang bunga ng karapat-dapat na pagtanggap ng Banal na pakikinabang ay pakikiisa natin kay Kristo CCC 1391.

Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay nananahan sa akin at ako sa kanya. Juan 6:56. Tunay na buhay ang dulot sa ating pakikiisang ito kay Kristo. Buhay ang Amang nagsugo sa akin at ako'y nabubuhay dahil sa kanya. Gayon din naman ang sinumang kumakain sa akin ay mabubuhay dahil sa akin. Ang kumakain nito'y mabubuhay magpakailanman. Hindi ito katulad ng kinain ng inyong mga magulang sa ilang, namatay sila bagamat kumain niyon.

Pagsamba:

Sa malimit na pagtanggap kay Jesus sa Banal na komunyon nang may pananampalataya ay tumitibay at lumalayo ang pakikipagkaisa natin sa kanya. Para maging karapat-dapat sa pagtanggap kay Jesus sa Banal na komunyon, kailangan ihanda ang sarili nang may malinis na puso at mag ayuno ng isang oras bago ang Banal na Misa. PNP Module 5 Paksa 3. Ang pagdarasal at pagtanggap kay Jesus ang nagbibigay sa atin ng lakas at namumulat tayo sa tamang gawain na siyang hakbang tungo sa ganap sa buhay.

Pagsasabuhay:

Ang bunga ng pagtanggap kay Jesus sa Banal na komunyon ay makikita sa ating matibay na pakikipagisa sa kapwa. CST Ang pagkakaisa ay kaganapan ng buhay upang patuloy ang paglingap sa kapwa. PNP Module 5 Paksa 3 Ang anumang mabuting gawain ay hakbang patungo sa buhay na ganap. Sa ating pang-araw-araw na gawain sa buhay, sa paaralan at communidad. At kung babalikan natin ang mga salawikain na tinalakay natin ilan dito ang sumagot sa mensahe ni Jesus, kaya lagi nating isipin na sa pagtupad ay unti-unti nating naaabot ang kaganapan ng buhay na nais Niya para sa lahat. Anumang magaling kahit maliit bastat malimit ay patungong langit.

Ano ang una nating gagawin upang magkalakas tayo at matupad natin ang mensahe sa atin ni Jesus sa araw-araw?

* Manalangin
* Humingi ng lakas sa Diyos.

Tugon sa Pananampalataya

Paniniwala: Naniniwala ako na si Jesus ang pagkaing nagbibigay-buhay ay ang tunay kong tinatanggap sa Banal na Komunyon.

Pagkilos: Mabigay ng mga gagawin upang mapatibay ang pakikipagkaisa sa magulang, kapatid, kaibigan at kaklase.

Pagdiriwang: Kaisa kita, O Jesus
Mahal ako ni Jesus.

Aida Tuyor
Archdiocese of Manila

Mayo 21, 2009, Huwebes
Ikatlong Linggo : Ang Mga Sakramento
Ika-4 Paksa : Sakramento ng Kumpisal at Pagpapahis ng Banal na Langis

Pagpapahalaga: Pananalig at Pagtitiwala

Layunin :

- Nasasabi sa mga bata na ang Diyos ay Makapangyarihan na nagpapagaling at nagpapatawad.
- Nakapagtatala ng gagawing hakbang ng pagtulong at pagpapatawad.
- Nakapananalangin ng may pasasalamat at pananampalataya sa Diyos na nagbibigay ng biyaya.

Sitwasyon ng Buhay:

- Sino sa inyo ang nakaranas na na pagkakaroon ng karamdaman o pagkakamali o kasalanan?
- Ano ang inyong naramdman? Bakit?
- Ano ang inyong ginawa ng ito ay inyong maranasan?

Tayong lahat ay nakaranas na ng karamdaman, pagkakamali o kasalanan, at ang mga ito kadalasan di natin naiiwas, marahil sa dala na rin ng ating kahinaan at hinde na rin pagiingat sa ating pangangatawan. Tayo ay nalulungkot dahil alam natin sa ating pagkakamali tayo ay nagkakasala at higit pa ito sa sakit ng katawan na ating nararanasan pag tayo ay may karamdaman. Kaya nga sa bawat pagkakasala tayo ay humihingi ng kapatawaran sa Diyos at sa ating nagawan ng kasalanan dahil alam natin na sa ating pananalig at pagtitiwala sa kanya ay ipagkakaloob niya sa atin ang pagpapatawad at kagalingan ng ating katawan sa ating karamdaman gaya ng sinasabi sa salita ng Diyos. Ating pakinggan ang Mabuting Balita.

Salita ng Diyos:

Isias 1 :16-17 *Maghugas kayo at maglinis ng sarili*
Marcos 6:13 *Maraming Demonyo ang kanilang pinalayas at marami ring maysakit ang inagaling nila sa pagpapahid ng langis.*

- Ano ang sinasabi o patungkol sa nabanggit na pagbasa?
- Ano ang mensahe na nais ipaabot sa atin na ating gagawin sa mga nabanggit na pagbasa?

Sinasabi sa nabanggit na pagbasa ang paglilinis ng ating sarili sa pamamagitan ng pagtalikod natin sa ating mga maling gawain at matutuhan nating gumawa ng mabuti. Sinasabi rin na sa pamamagitan ng pagpapahid ng langis hindi lang ang

ating katawan ang gumagaling, maging ang ating espiritwal na pamumuhay. Ang mga ito ay biyaya na galing sa Diyos kaya nga sa ating pagtitiwala at pananalig sa kanya ito ay ating tinatanggap na nakikita sa ating mga ginagawa *(babalikan ang mga ibinahagi ng mga bata)* mahal tayo ng Diyos at higit pa ang kaya niyang ibigay dahil…..

KATOTOHANAN: Ang Diyos ay Makapangyarihan, maawain at mapagpatawad.

Sa kanyang taglay na kapangyarihan ay nilikha niya ang lahat ng bagay sa daigdig ayon sa kanyang karunungan, kabutihan at pagmamahal sa atin walang hindi niya kayang gawin at lahat ng kanyang gustuhin ay mangyayari. Siya lamang ang may kakayahang maghari at gumawa ng bagay sa daigdig.(KIK 268-270) sa pagmamahal niya sa atin ay ibinigay niya ang kanyang anak na si Jesus. Si Jesus ang kanyang pagiging tao ay ang Sakramento ng mapanligtas ng pag-ibig ng diyos para sa lahat, ang Simbahan ay ang Sakramento ni Jesus at ang 7 ritwal na Sakramento ay ang mga Sakramento ng Simbahan *(babalikan ang 7 Sakramento)* kaya nga sa awa niya sa atin ay ipinagkaloob niya ang Sakramento ng Pagpapagaling upang tayo ay muling magbalik loob sa kanya at magpatuloy sa kanyang pag-ibig at di mawalay sa kanya ng tayo ay makapiling niya sa kanyang kaharian sa langit. Kung ito lamang ay gagawin natin ng tama may pananalig at pagtitiwala sa kanya na maipapakita natin sa ating mga gawa ating tatanggapin ang biyaya kung saan tayo ay makasusunod sa kautusan. Kaya nga ……..

PAGSASABUHAY: Sa ating Pagkakawanggawa at pagpapatawad sa kapwa ay ating naipapahayag ang pagmamahal natin sa Diyos.

Sa ating mabubuting gawa ay maipapakita natin ang pagmamahal natin sa ating Diyos at sa kapwa (2 kautusan ng Pag-ibig) sa ating pagpapatawad sa mga taong nagkasala sa atin ay pagpapakita ng pagmamahal sa kanya at pagiging tunay na kristiyano. Ano ngayon ang iyong gagawin upang maipakita ang pagtitiwala at pananalig sa Diyos na makasunod sa kanyang utos at patuloy na maipakita ang biyaya ng pagtanggap ng Sakramento ng Pagpapagaling. (kukunin ang sagot sa mga bata) magbigay ng mga gagawing hakbang. Kung tayo ay mulat at ganap nagagamit an gating kakayahan at pag-iisip, puso at pag-kilos (CFC 1529)
Ano an gating gagawin upang ito ay patuloy nating magawa?

PAGSAMBA: Ipagdiwang natin ang Sakramento ng Pagpapagaling ng may Pananampalataya.(CFC 1530)

Sa pagtanggap natin ng Sakramento ng may pananampalataya ay pinagtitibay ang ating ugnayan kay Kristo. Sa pagbabalik-loob naibabalik ang nasira nating ugnayan sa Diyos at sa ating kapwa. At sa ating pagtitiwala kay Jesus tayo ay nakakasunod sa kanyang kalooban bilang biyaya ng ating natanggap. Patuloy tayong manalangin at dumalo sa Banal na Eukaristiya kung saan ating tinatanggap si Jesus sa anyong tinapay. Tayoy magpasalamat sa Diyos sa patuloy niyang pag gabay kasama ang Espiritu Santo.

TUGON NG PANANAMPALATAYA

Paniniwala: Sabay sabay bibigkasin " Ang Diyos ay Makapangyarihan, siya ay maawain at mapagpatawad"

Sino ang makapangyarihan, maawain at mapag patawad?

Pagtatalaga: Magbigay ng mga gagawing hakbang ng pagtulong at pagpapatawad.

Pagdiriwang: Pagsusuri ng Budhi (aanyayahan ang mga bata sa sandaling katahimikan) Pagsisisi (dadasalin)

Corazon A. Dacumos
Archdiocese of Manila

Mayo 22, 2009, Biyernes
Ikatlong Linggo : Ang Mga Sakramento
Ika-5 Paksa : Sakramento ng Kasal at Pagpapari

Pagpapahalaga : Paglilingkod

Sitwasyon ng Buhay : Pagbabahaginan

- Ano ang iyong pangarap na "maging" paglaki mo?
- Bakit mo gustong maging _____?

Iba't iba ang ating pangarap na "maging" pag-laki. May ibig maging doctor, nurse, guro, sundalo, pulis, bumbero, etc. Iba't ibang pangarap ngunit iisa ang dahilan – upang makatulong sa mga tao gaya ng mga may sakit, mga bata upang matutong magbasa at sumulat, ipagtanggol ang tao mula sa pang-aabuso ng kasamaan, etc.

Iba't ibang gawain ngunit iisa ang layunin – paglilingkod sa kapwa. Iyan ang tawag ng Diyos sa bawat isa sa atin na nasusulat sa

Salita ng Diyos:

Gal 5:13 *(Isulat at ipabasa)*

" …. Maglingkod kayo sa isa't isa dahil sa pag-ibig. Sapagkat ang buong Kautusan ay nauuwi sa isang pangungusap, "Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili."

Bilang tugon sa panawagang ito ni Jesus, ang mga unang kristiyano ay nabuklod sa pagtutulungan at paglilingkod sa isa't isa. Ang kanilang mga ari-arian ay para sa lahat. Ipinagbibili nila ito at ang pinagbilihan ay ipinamamahagi sa lahat ayon sa pangangailangan ng bawat isa." (Gawa 2:44-45)

Tayong lahat ay tinatawag ni Jesus sa paglilingkod sa kapwa dahil sa pag-ibig sa ibat' ibang paraan gaya ng inyong mga nabanggit na pangarap na "maging" sa inyong paglaki. At ang mga paglilingkod na ito ay maaari ninyong magampanan sa loob ng pamilya tulad ng ginagawa ng inyong mga magulang bilang mag-asawa o bilang lingkod ng Simbahan tulad ng ginagawa ng ating mga pari.

Katotohanan:

Ang Kasal at Pagpapari ay ang dalawang sakramento ng bokasyon at paglilingkod na nagmumula sa pagtawag ng Diyos upang maging katuwang Niya sa paglilingkod sa kapwa at sa Simbahan. (CFC 1874)

Tulad ng ating mga magulang, ang isang lalaki at babaing nagmamahalan ay tinatawag ng Diyos upang maging katuwang Niya sa pag-aasikaso sa pangangailangan ng mga batang tulad ninyo. Ang kanilang pag-iibigan at ang pagtugon sa tungkulin ng pag-aaruga sa pamilya ay binababasan ng Diyos sa Sakramento ng Kasal.

Sa pagsusumpan ng dalawang nag-iibigan sa kasal at sa kanilang pagtutulungan sa pag-aaruga ng kanilang mga anak, patuloy nating nadarama ang tapat na pagmamahal at pagkalinga ni Jesus sa atin.

Ang ating mga pari naman ay tinawag ng Diyos upang maging katuwang Niya sa pagpapatuloy ng gawain ni Jesus sa Simbahan. Ang kanilang pagtugon at panunumpa na magiging tapat sa tungkulin ng paglilingkod sa Simbahan ay binabasbasan ng Diyos sa sakramento ng pagpapari. Sa kanilang tapat na paglilingkod, patuloy nating nadarama ang presensiya at pagmamahal ng Diyos sa atin.

Ano ang mga gawain ng Pari ? (nagmimisa, nagbibinyag, nagpapakumpisal, nagkakasal, etc)

Ang sakramento ng kasal at pagpapari ay tinatawag na sacramento ng “bokasyon” at “paglilingkod” dahil ito ay nagmumula sa pagtawag ng Diyos upang maging katuwang Niya sa paglilingkod sa kapwa at sa Simbahan. (CFC 1874). Ang dalawang sakramentong ito, tulad ng limang naunang pinag-aralan natin, ay mga banal na tanda ng pagmamahal at presensiya ni Jesus sa ating buhay.

Anong uri ng paglilingkod ang nais ni Jesus mula sa atin?

Pagsasabuhay:

Ang tunay na buhay ay matatagpuan sa mapagmahal na paglilingkod sa isa’t isa. (CFC 1874)

Sa paanong paraan man tayo tawagin ng Diyos sa paglilingkod – bilang bata tulad ninyo, at sa inyong paglaki - may asawa man o sa pagpapari – ang inaasahan sa atin ni Jesus ay ang ating tugon at gampanan ang tungkulin ng paglilingkod ng may pag-ibig at nang buong katapatan.

Ang tawag ng paglilingkod ay hindi lamang para sa mga matatanda. Kahit mga batang tulad ninyo ay tinatawag na ring maglingkod. Kanino? Sa ating mga magulang,

kapatid, guro, etc. Sa paanong paraan kayo naglilingkod sa inyong mga magulang, guro, etc. (sa pagtulong sa gawaing bahay, etc).

Ang ating pagtulong sa ating mga magulang, guro, etc, ay dapat bukal sa ating puso – hindi napipilitan lamang o dahil sa may kapalit na premyo. Ang paglilingkod na itinuturo ni Jesus ay paglilingkod ng may pag-ibig at buong katapatan.

Paano natin magagawa ang maglingkod ng may pag-ibig at buong katapatan?

Pagsamba:

Sa panalangin at biyayang tulong mula sa mga sakramento tayo ay pinalalago sa mapagmahal at tapat na paglilingkod sa kapwa at sa Simbahan.

Upang magampanan natin ang ating tungkulin ng paglilingkod sa kapwa at Simbahan, kailangan natin ang biyayang tulong mula sa mga sakramento na nagdudulot ng pagbabago tungo sa pagiging tulad ni Kristo sa pagiging isang tunay na mapagmahal at tapat na naglilingkod sa kapwa at sa Simbahan.

Mahalaga ang pananalangin upang tayo ay manatiling naglililngkod ng may pag-ibig at katapatan, Kaya't, ipagdarasal din natin ang ating mga magulang at mga pari upang sila ay manatiling tapat sa kanilang sinumpaang tungkulin na maglinkgod ng may pag-ibig.

Tugon ng Pananampalataya

Paniniwala: Naniniwala ako na tayong lahat ay tinatawag ng Diyos sa mapagmahal na paglilingkod sa kapwa.

Pagkilos: Ano ang iyong kayang gawin bilang paglilingkod sa iyong mga kasama sa bahay, paaralan, at kabit-bahayan.

Pagdiriwang:

Ma. Lourdes de Leon
Archdiocese of Manila

Mayo 25, 2009, Lunes
Ika-apat na Linggo : Kabanalan
Ika-1 Paksa : Tinawag tayong lahat upang maging banal.

Pagpapahalaga: Pagtupad sa mga Punong Kabanalan

Sitwasyon ng Buhay:

Pag-usapan ang mga bagay na nakakapagligaya sa kanila o nagbibigay kaligayahan sa kanila. *(Gawin ito sa pamamagitan ng "diads" at tumawag ng ilan sa pagbabahagi sa malakihang grupo)*

Mga pamatnubay ng Tanong:

- Anu-ano yung mga bagay na nakakapagbigay sa inyo ng kaligayahan? Bakit?
- Ano ba ang kaligayan para sa iyo?

Talakayan:

Marami tayong hinahangad na mga bagay-bagay o hinahanap natin ang kaligayahan madalas sa mga materyal na bagay, sa pera, sa gamit, kaaliwan, kaginhawahan o luho. Pero ang mga ito ba ang nakakapagbigay ng tunay na kaligayahan? Bakit? *(Sagot)*.

Pero kanino at saan natin matatagpuan ang tunay na kaligayahan? Sinu-sino ba ang mga taong tunay na maliligaya at mapapalad? Ito ba yung mga sikat, mayayaman, matatalino at makapangyarihan? Si Jesus ang magsasabi sa atin ngayon kung sinu-sino ang mga tunay na maliligaya at mapalad.

Salita ng Diyos:

Mateo 5:1-10 Ang Mapalad

- Sino ang mga taong itinuturing ni Jesus na mapalad?
- Bakit sila tinawag na mapalad?
- Ano ba ang ibig sabihin ng mapalad? *(Pagbubunyag: ang ibig sabihin ng salitang "mapalad" at isulat ang mga "mapalad" sa Manila paper at tanungin sila tungkol dito at magbigay ng halimbawa)*
- Isa ka rin ba sa mga itinuturing ni Jesus na mapalad?
- Alin dito sa mga sinasabi ni Jesus na mapalad ang sa tinging mo ay naisasagawa mo na? *(Kunin ang sagot)*

Nakita natin na ang tunay kaligayahan ay di naibibigay o di natin matatamo sa mga materyal na bagay o kayamanan. Ang lahat ng ito ay kumukupas. Pansamantala lamang ang mga ito? Ang tunay na kaligayahan ay matatamo natin sa pagsunod kay Jesus. Kung nais nating magkamit ng tunay na kaligayahan sa buhay na walang hanggan ay kailangan nating isabuhay ang mga sinabi ni Jesus na kung sino ang mapalad. Ano ang tawag natin sa mga ito? Tinatawag natin itong mga Punong Kabanalan.

*(Pagbubunyag: Ano ang tinatawag na **Punong Kabanalan**?)*

Katotohanan:

Ang mga Punong Kabanalan ay tumutogon sa likas na hangarin ng tao para sa kaligayahan (CCC 1718, CFC 823). Sa salitang English ang "Punong Kabanalan" ay "Beatitudes." Ang salitang "Beatitude" mula sa salitang Latin na "Beatus" na ang ibig sabihin ay "Happy" = masaya o "Blessed" = mapalad. Bilang mga tao ay kailangan nating tanungin sa sarili natin kung anu-anong bagay ang makapagdudulot sa atin ng tunay na kaligayahan subalit nararapat lang na ang mga kaligayang ito ay ang pinahahalagahan ng at paniniwala bilang Kristiyano. Ang maka-Kristiyanong pananaw sa tunay na kaligahayan

Ang mga Punong Kabanalan ay daan tungo sa Kaharian ng Diyos. Ito ang daan na itinuturo at isinabuhay ni Jesus upang tayo ay magkamit ng tunay na kaligayahan sa langit. Ang daan ng kabanalan ay marami, sang-ayon sa bokasyon ng bawat indibidwal (PnP Mod. 3, L 6). Ang kabanalan ay ang pagsunod sa landas ni Kristo at ito ay ang pagsasabuhay ng mga "Mapalad" O "Punong Kabanalan"

Pagsasabuhay:

Sa pagtupad sa mga Punong Kabanalan, tayo ay mapapabilang sa mga "mapapalad" sa mga mata ng Diyos (CFC 1718, CFC 823). Sa mga "Punong Kabanalan", itinuro ni Jesus ang daan sa kabanalan. Dito ay hinihingi niya ang pag-uugali at pagkilos na nais niya para sa atin. Ang mga ito ay positibong pag-uugali na kailangang hubugin sa ating pagkatao para mapabilantg sa mga pinaghaharian ng Diyos. Naisasagawa ba natin ang mga ito. Umaasa at nagtitiwala ba tayo sa biyaya at kapangyarihan ng Diyos at di sa mga materyal na bagay? Tayo ba ay mapagkumbaba? Malinis ba ang ating puso? Kailan ka naging daan ng pagkakasundo at kapayapaan? Nasubukan mo na bang magkawanggawa o mahabag sa isang taong nangangailangan? Halimbawa, ng pagiging mahabagin sa kapwa ay yung pagtataguyod nating ng PnP. Sa simple at maliit na bagay na ating ginagawa sa kapwa nang may pagmamahal ay nakakapagbigay tayo nga ligaya sa kapwa di ba? At ito ay magdadala sa atin sa langit kung saan naroon ang tunay na kaligayahan. Kaya, ang lahat ng binyagan ay tinatawag na isabuhay ang buong hamon ng Kristiyanong Kabanalan. Ito ang mga Punong Kabanalan. Sa katotohanan, ang pag-ibig ang sentro ng kabanalan. Sa pagsasabuhay ng Punong

Kabanalan ay naisasabuhay ang tunay na pag-ibig (CFC 1400, PnP Mod. 3 L 6). At para maisagawa ito, kailangan natin ang tulong at biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng panalangin.

Pagsamba:

Ang panalangin sa bawat araw ay daan sa kaharian ng Diyos na inihayag sa mga dukha ng mga Punong Kabanalan (CCC 2660). Ang panalangin ang nagbibigay sa atin ng lakas upang makasunod sa buhay ni Jesus. Kung walang buhay panalangin mahihirapan tayong isabuhay ang ating pagiging Kristiyano.

Tugon sa Pananampalataya

Paninindigan: Isaulo ang mga Punong Kabanalan

Pagtatalaga: Pumili sa mga Punong Kabanalan na sisikaping isabuhay dahil ito ang kanilang kahinaan.

Pagdiriwang: Awit: "Mapapalad"

Buod: Ang mga Punong Kabanalan ay tumutugon sa likas na hangarin ng tao na maging maligaya. Sa pagsasabuhay natin sa mga ito ay mapapabilang tayo sa mga mapapalad (happy) sa kaharian ng Diyos. Manalangin tayo sa bawat araw upang matamo natin ang kaharian ng Diyos at ang dulot nitong kaligayahan.

Josefina Galac
Diocese of Kalookan

Mayo 26, 2009, Martes
Ika-apat na Linggo : Kabanalan
Ika-2 Paksa : Ang Banal na Espiritu Santong Nagpapabanal (Pinagmumulan ng Kabanalan)

Pagpapahalaga: Pagpapakabanal

Sitwasyon ng Buhay:

1. Anu-ano ang dahilan upang makipagkaibigan sa kapwa bata?
2. Di na malulungkot, ipinadala na Espiritu Santo.
3. Ang kwento ni Jay-Jay

Si Jay-Jay ang Munting Angel

Mga bata kilala nyo ba si Jay-Jay? Alam ba ninyo ang Kanyang kasaysayan? Hindi?! Si Jay-Jay o John Jewel ay anak nila Cerso at Dinna Marie Estrada at may mga kapatid siya, sila ay sina Evangeline, Joan May at Patricia Ann. Mabait sa kanyang mga kapatid si Jay-Jay at siya lang ang anak nilang lalaki at ang kanilang mga magulang ay kapwa kawani sa gobyerno. Wala silang katulong kaya isinasama siya ni Dinna sa opisina at doon kinagigiliwan siya ng mga kasama sa trabaho ni Dinna dahil sa angkin nitong kabaitan at pagkamatulungin.

Limang taon na noon si Jay-Jay at kinakailangan na nitong mag-aral at ang pinakamalapit na paaralan ay ang Hospicio de San Jose apat na beses tinanggihan si Dinna iyon ay para lang sa mga ulila, dahil sa kalagayan ng huli ay tinanggap din siya.

Mabait, masayahin, palakaibigan na kamag-aral si Jay-Jay at may kamag-aral sila na isang Ita at ito ay tampulan ng tukso ng kamag-aral dahil sa kulay ng balat at buhok nito na kinky. Dahil sa pagkamagiliw ni Jay-Jay naging kaibigan niya ito at palagi niyang hinahatian ng baon, hanggang sa naging palagay ang loob nito at naging kaibigan na ang mga kamag-aral.

Minsan ang kanilang guro sa kindergarten na si Ms. Reyes ay sinabi at ibinalita ang tungkol sa **Pondo ng Pinoy** at sinabi ni Ms. Reyes ang kahalagahan at tulong ng 25 sentimos. “Sa tingin natin ay wala na halaga ito, pero ito ay tulong sa mga mahihirap. At ang bawat 25 centavo na iniipon sa plastic na bote ay makakatulong ang mga bata. At naging masigasig sila na makaipon at napagkasunduan nila na iyon ay iaalay nila sa kanilang Family Day Mass.

Kumuha ng bote si Jay-Jay at dinala niya ito sa opisina ni Dinna at sa bawat munting tulong na ginagawa niya sa kanila ay sapat na para sa kanya ang paghulog ng

mga ka-opisina na 25 sa dala niyang bote at sinasabi niya ang tulong na maibibgay sa mga mahihirap.

Nang panahong iyon ay naging matindi ang sakit na dengue at dinapuan si Jay-Jay at ang akala ni Dinna ay pangkaraniwang lagnat lang ang dumapo dito kaya pina inom siya ng paracetamol. Kinabukasan lalong tumaas ang lagnat nito at nagkaroon ng mga pantal at bleeding si Jay-Jay. Hindi na ito nakapasok sa iskwela lumala ang kalagayan nito at namatay si Jay-Jay.

Sa burol ni Jay-Jay napansin ni Ms. Reyes yong bote na Pondo ng Pinoy sa ilalim ng kabaong nito at habang umiiyak na kwento ni Dinna na nanghihinayang si Jay-Jay kasi hindi niya napuno yong bote. Kaya kinuha ni Ms. Reyes yong bote at dinala sa school at sinabi sa mga bata na “wala na si Jay-Jay kasama na ni Jesus sa langit kaya hindi na nito napuno ’yong bote pero kasama pa rin ito sa offering sa Family Day.

At nong Family Day Mass nila marami silang dalang bote na puno ng 25 at alaala na minsan may isang Jay-Jay sila na naging kamag-aral.

Salita ng Diyos:

2 Corinto 7:1 *“Mga minamahal, yamang ipinangako sa atin ang mga bagay na ito, linisin natin ang ating sarili sa lahat ng nakapagpaparumi sa ating katawan at espiritu. Sikapin nating mamuhay na may takot sa Diyos hanggang sa lubusan nating maitalaga sa kanya ang ating sarili.”*

Pahayag ng Pananampalataya

Katotohanan:
Ang kabanalan ay paanyaya at hamon sa ating ng Panginoon. Kailangan nating maging handa na gawin ang anuman kahit na may kahirapan upang makaiwas sa kasalanan. Dahil ang kabanalan at kasalanan ay hindi magkatugma kilanman.

Pagsasabuhay:
Ang paggawa ng kabutihan at pagtulong sa kapwa isang sangkap tungo sa kabanalan. At ito ay isang biyaya at dahil dito tayo ay nagiging kaibigan ng Espiritu Santo.

Pagsamba: Sa Eukaristiya ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa atin upang maging bukas tayo sa pakikipagkaibigan sa iba.

Tugon ng Pananampalataya

Paninindigan: Matatamo natin ang kabanalan kung ating lalabanan ang kasalanan.

Pagkilos : Ipunin ang allowance hindi para sa sarili, kundi upang makatulong sa iba na nangangailangan.

Pagdiriwang: Panalangin sa Espiritu Santo upang tayo'y patnubayanat ilayo sa kasalan at upang maging banal.

Activities:

- Maaring isadula ang buhay ni Jay-Jay.
- Iguhit ang sa akala ninyo ay naka antig sa inyong damdamin o naka-akit sa inyo.

Josefina Galac
Diocese of Kalookan

Mayo 27, 2009, Miyerkules
Ika-apat na Linggo : Kabanalan
Ika-3 Paksa : Pananampalataya

Pagpapahalaga: Pananampalataya at Pagtanggap

Situwasyon ng Buhay:

Ang Pilipinas ay kilalang kaisa-isang kristiyanong bansa sa Asya, nguni't marami ang umaamin na kakaunti ang kanilang nalalaman tungkol sa pananampalatayang kristiyano. Nagigiging bahagi lamang ito ng pagdiriwang ng binyag, kasal, libing at pagbabasbas ng tahanan. Kapag tinatanong ang isang tao:

Katoliko ka ba? Oo.
Naniniwala ka ba sa Diyos? Oo.
Ilan ba ang Diyos? Tatlo.
Kasal ka ba sa Simbahang katoliko? Hindi.
Uso naman ngayon ang "live-in" at kasal sa huwes.

Tinatawag tayong kristiyano, nguni't kulang ang pananampalataya natin sa Diyos at hindi naisasabuhay ang utos ng Diyos.

Salita ng Diyos:

Santiago 2:14 *"Mga kapatid, ano ang mapapala ng isang tao, kung sabihin man niyang siya'y may pananampalataya, nguni't hindi naman niya pinatutunayan sa gawa?"*

Mateo 7:21-27 *"Hindi lahat ng tumatawag sa akin,'Panginoon,Panginoon', ay papasok sa kaharian ng langit, kundi yaon lamang sumusunod sa kalooban ng aking Amang nasa langit……"*

a) Saan inihahalintulad ni Hesus ang taong nakikinig at nagsasagawa ng kanyang mga salita?

b) Saan inihahambing ang taong nakikinig sa kanyang salita nguni't hindi nagsasagawa nito?

k) Noong umulan ng malakas, binaha at binayo ng malakas na hangin ano ang nangyari sa bahay na itinayo sa ibabaw ng bato? Sa buhanginan?

Pahayag ng pananampalataya

Katotohanan:

Ang pananampalataya ay isang personal na pakikipag-ugnayan kay Kristo bilang Panginoon at Tagapagligtas. Sa pamamagitan Niya sa Ama at sa Espiritu Santo, isang pasiya ito ng pagtatalaga ng sarili sa Kanya, ng pagsunod sa Kanya, ng pag-alam at pagtanggap ng mga katotohanang patuloy Niyang ipinangangaral sa pamamagitan ng Kanyang Simbahan.(PCP II,64,65).

Pagsasabuhay:

Ang pananampalataya ay isang birtud teologal na sa pamamagitan nito, sumasampalataya tayo sa Diyos at sa lahat Niyang ipinahayag at sinabi at iyong itinuro ng Santa Iglesiya, sapagka't Siya mismo ang katotohanan. Sa pamamagitan ng pananampalataya, "ang tao ay naglalaan ng sarili ng buo at malaya sa Diyos".Kaya nga ang mananampalataya ay nagsisikap na kilalanin at gawin ang kalooban ng Diyos. Ang matuwid ay mabubuhay alang-alang sa pananampalataya. Ang buhay na pananampalataya ay ginagawa alang-alang sa pag-ibig.(KIK #1814)

Pagsamba:

Mula sa puso ang pananampalataya: ang nagmamahal,nagtitiwala at umaasa sa Panginoon na nagmula sa pagmamahal sa Diyos na dumadaloy sa ating mga puso. Ang nagtitiwalang pananampalataya ay nabubuhay at lumalago sa pamamagitan ng ating panalangin at pagsamba.

> Panalangin - isang personal at taos-pusong pakikipag-usap sa Diyos, na taliwas sa di-isinasaloob at mekanikal na paulit-ulit na isinaulong mga pormula ng dasal.(KPK#133).
>
> Pagsamba - Sa Banal na Misa, makikilala natin si Hesus lalo na sa tuwing makikinig tayo ng mabuti sa Kanyang mga salita sa mga pagbasa ng Ebanghelyo kung saan tapat na isinalin ang mga tunay na ginagawa at itinuturo ni Hesus, ang bugtong na Anak ng Diyos, noong Siya ay nakipamuhay sa atin, tunay na gumagawa at nagturo alang-alang sa ating kaligtasan.(KPK#474)

Tugon ng Pananampalataya

Paniniwala: Ako ay naniniwala sa Diyos at nakikipag-ugnayan sa Kanya kahit di ko Siya nakikita.

Pagtatalaga: Ako ay makikinig at susunod sa salita ng Diyos.

Pagdiriwang: Pagpapahayag ng pananampalataya sa Bbinyag

Katekista: Itinatakwil ba ninyo ang kasalanan, upang malayang makapamuhay bilang mga anak Ng Diyos?

Bata:Opo.

Katekista: Itinatakwil ba ninyo ang kasamaan,at tumatangging pangunahan ng kasalanan?

Bata: Opo.

Katekista: Itinatakwil ba ninyo si Satanas, ang ama ng kadiliman?

Bata: Opo.

Katekista:Sumasampalataya ka ba sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng Langit at lupa?

Bata: Opo.

Katekista: Sumasampalataya ka ba kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, Ipinanganak ni Santa Mariang Birhen,ipinako sa krus, namatay, inilibing, nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao at ngayo'y naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat?

Bata: Opo.

Katekista: Sumasamapalataya ka ba sa Espiritu santo, sa Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan?

Bata: Opo.

Katekista: Ang Diyos, ang makapangyarihang Ama ng ating Panginoong Hesukristo ay pinagkalooban tayo ng bagong kapanganakan sa tubig at sa Espiritu. Tayo'y pinatawad sa ating mga kasalanan.Nawa'y tulungan Niya tayong manatiling tapat sa ating Panginoong Hesukristo magpakailanman.

Bata: Amen.

Awit: **Isang Pananampalataya**

Isang pananampalataya isang pagbibinyag
Isang Panginoon, angkinin nating lahat.
Habilin ni Hesus, noong Siya'y lumisan
Kayo ay magkatipon sa pagmamahalan.

Lucena Deogracias
Diocese of Kalookan

Mayo 28, 2009, Huwebes
Ika-apat na Linggo : Kabanalan
Ika-4 Paksa : Pag-asa

Pagpapahalaga: Pag-asa, Pagtitiwala

Situwasyon ng Buhay:

Noong nakaraang taon ang mga tao sa maraming panig ng mundo ay biglang nagkagulo dahil sa pandaigdigang krisis sa ekonomiya. Maraming Pilipino sa ibang bansa ang nawalan ng hanapbuhay at napilitang magsibalik sa Pilipinas. Isipin na lang na kaya sila nangibang bansa ay dahil sa kahirapan dito sa atin. Maraming pamilya sa Pilipinas ay di na halos kumakain pero nabubuhay pa rin, umaasa sa awa ng Diyos.

Ano pang paghihirap ang dinaranas ng tao ngayon?

- kawalan ng katarungan
- kakulangan sa edukasyon
- kawalan ng salapi
- karamdaman ng isip,katawan, kalooban
- kasalatan sa kapayapaan

Sa kabila ng lahat ng ito, lagi pa ring maririnig natin:

- “May awa ang Diyos”
- ”Bahala na ang Diyos”

Salita ng Diyos:

Mateo 6:25-34 “Kaya sinasabi ko sa inyo: huwag mag-alala sa kakanin at iinumin para sa inyong buhay o’ sa idadamit sa inyong katawan……”

a) Sino ang nagpapakain sa mga ibon sa himpapawid?
b) Anong damit ang ibinibigay ng Diyos sa mga damo?

Filipos 3:13-14 *“….nililimot ko ang nasa likod ko at pinagsisikapan ang mga hinaharap; at tumatakbo akong naghahanap ng gantimpala ng makalangit na pagtawag sa akin ng Diyos kay Hesukristo”*

Pahayag ng pananampalataya

Katotohanan:

Ang pag-asa ay birtud teologal na sa pamamagitan nito hinahangad natin ang Kaharian ng langit at ng buhay na walang hanggan bilang kaligayahan natin, taglay ang pananalig sa mga pangako ni Kristo at sa tulong ng Espirritu Santo, at di sa ating sariling lakas:"Magpakatibay tayo sa pag-asa na ating ipinahayag sapagka't tapat ang maylikha ng pangako"(Hebreo 10:23)."Ang Espiritu Santo na masagana niyang ibinuhos sa atin sa pamamagitan ni Hesukristo na ating tagapagligtas upang maligtas tayo sa tulong ng kanyang biyaya at maging tagapagmana ayon sa pag-asa,ng buhay na walang hanggan" (Tito 3: 6-7).-KIK#1817.

Ang pinakamalapit marahil na pinagmumulan ng pag-asa para sa pangkaraniwang Pilipinong Kristiyano ay kanilang karanasan ng suporta at tulong mula sa Espiritu Santo, lalo na sa panahon ng kahirapan. Sa loob ng pang-araw-araw na suliranin ng pamilya, personal na pakikitungo sa kapwa, kagipitan sa pananalapi at tulad nito, agad tayong bumabaling kay Kristo at sa kanyang Espiritu para humingi ng tulong at kaginhawahan.-KPK#2076

Ang birtud ng pag-asa ay nagpapahiwatig ng mithiin ng kaligayahan na inilagay ng Diyos sa puso ng lahat ng tao;tinataglay ang mga pag-asa na gagampanan sa mga gawain ng tao; dinadalisay ang mga ito upang itungo sa Kaharian ng Langit; sinusugpo ang kawalang pag-asa; namamatnubay sa lahat ng panglulupaypay;pinasisigla ang puso upang nasain ang ligayang walang hanggan. Ang ganyak ng pag-asa ay nakaliligtas sa egoism at naghahatid sa kapalaran ng pag-ibig. KIK#1818

Pagsasabuhay:

Ang pag-asang Kristiyano ay ipinakilala na nang magsimula ang pangangaral ni Hesus sa pagpapahayag ng mga punong kabanalan. Ang mga punong kabanalan ay nagtataas ng ating pag-asa tungo sa langit bilang panibagong lupang pangako:ginuguhit ang daan patungo doon sa gitna ng mga pagsubok na naghihintay sa mga alagad ni Hesus.Subalit alang-alang sa mga karapatan ni Hesukristo at sa kanyang paghihirap, hinihintay tayo ng Diyos nang may pag-asang di magmamaliw (Rom 5:5).

Ang pag-asa ay ang angkla ng kaluluwa,matatag at tiyak na pumapasok hanggang sa pinasukan ni Hesus na nanguna sa atin.(Heb 6:19-20).Isa ring sandata na nagtatanggol sa atin sa labanan ng kaligtasan:"isuot natin ang baluti ng pananampalataya at pagmamahal at sa ulo ang panakip ng pag-asang nakaliligtas(1Tes 5:8).Ipinagkakamit sa para sa atin ang galak sa labanan:"Taglay ang galak ng pag-asa, matiyaga sa kahirapan"(Rom 12:12). Ipinakikilala ito at inaalaagaan sa panalangin,lalo na sa "Ama namin",buod ng lahat ng dapat asahan at hingin. KIK#1820

Pagsamba: Higit na mahalaga kaysa partikular na bagay na inaasahan ay ang grasya ng Diyos na Siyang tanging dahilan kung bakit possible at magtatagumpay ang pag-asa.Ang grasya ang siyang panloob na masiglang buod ng pag-asa.KPK#2077

Tugon ng pananampalataya

Paniniwala: Naniniwala ako na sa grasya ng Diyos ako ay makakaraos sa lahat ng kahirapan at makakasama ko ang Diyos sa buhay na walang hanggan.

Pagtatalaga: Ipinagkakatiwala ko sa Diyos ang aking sarili bilang kanyang tunay na anak na hindi niya pababayaan.

Pagdiriwang: Dasalin ang Ama Namin

Awit: **Ang Espiritung Banal**

Ang Espiritung Banal ay
Nagbibigay buhay(3x)
Ang Espiritung Banal ay
Nagbibigay buhay
Tulong at ating gabay.

Lylian D. Jacob
Diocese of Kalookan

Mayo 29, 2009, Biyernes
Ika-apat na Linggo : Kabanalan
Ika-5 Paksa : Pag-ibig

Kapwa ko, Mahal ko, dahil mahal ko si Hesus at si Maria

Pagpapahalaga: Pagmamahalan at Pag-ibig

Sitwasyon ng buhay :

Isang batang hinati ang kanyang baong pagkain at ibinigay sa isang kamag-anak na walang baon.

Tanong at sagot :

1. Ano ang ginawa ng bata sa kanyang kamag-aral?
2. Bakit kaya nagawa ng batang ito sa kanyang kamag-aral ?
3. Paano kaya kung kayo ang nasa kalagayan ng batang walang baon ?

Pag-uugnay:

Madalas na ipinaalala sa atin ni Hesus, *"anuman ang gawin ninyo sa inyong kapwa ay ginawa na ninyo sa akin."*

Dito ipinaalala sa atin na kapag nakita natin si Hesus sa ating kapwa ay magagawa natin silang paglilingkuran ng buong pagmamahal at wala tayong hinihintay na kapalit.

Upang higit nating maunawaan ang sinabi ni Hesus ay ating pakinggan ang Salita ng Diyos.

Salita ng Diyos :

Mateo 22:34-40 *" Ang Pinakamahalagang Utos "*

Tanong at sagot :

1. Ano ang pinakadakilang utos ni hesus sa atin ?
2. Bakit nagkatipu-tipon ang mga pariseo ?
3. Paano binigyang halimbawa ni hesus ang dakilang-utos ng pag-ibig ?

Pahayag ng Pananampalataya

Katotohanan:

Si Hesus ang unang nagpadama at nagpakita ng tunay na pag-ibig sa atin. Ang pag-ibig sa Diyos at sa kapwa ay nabigyang halimbawa ni Hesus sa kanyang paglilingkod sa ating lahat. Ipinakita niya ito sa pamamagitan ng pag-aalay ng kanyang buhay. Ito ang tunay na pagmamahal ayon sa dakilang utos. Si Maria ay lubos na ibinigay ang kanyang pagmamahal kay Hesus mula sa paglilihi hanggan sa kamatayan sa krus.

Pagsasabuhay:

Ang umiibig sa Diyos ay dapat ding umiibig sa kanyang kapwa ito ang tanging hangad ni Hesus na pakikitungo natin sa Diyos. Kung wala ang malalim na ugnayang ito hindi tayo magiging tunay na maka-Kristiyano. Ang sampung utos ng diyos ay nahahati sa dalawang batas, ang batas ukol sa pag-ibig at tungkulin natin sa Diyos at batas ukol sa pag-ibig at tungkulin natin sa kapwa. KPK. 812-935

Pagsamba:

Ang banal na eukaristiya ay tanda ng dakilang pag-ibig ng Diyos sa atin. Ito ang pinakamalinaw na simbolo ng pag-ibig at pagkakaisa ng katawang mistika ni hesus na kung wala nito'y hindi maaaring magkaroon ng kaligtasan. Sa bawat pagdiriwang ng banal na eukaristiya tayo ay inaanyayahan ni Hesus na mahalin at paglingkuran ang Diyos sa ating kapwa. KPK – 1702 ; KIK – 1397-1356-61

Tugon ng pananampalataya

Paniniwala : Handa ba tayong magbigay ng kusang pagtulong sa ating kapwa ?

Pagtatalaga : Paano natin matutugunan ang hamon ni Hesus na mahalin ang Diyos at ang ating kapwa ?

Pagdiriwang : Awitin : **" Love is something that give it away "**

Buod : Sino kaya ang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos. Ang pag-ibig ng Diyos ay ipinakita sa atin sa pamamagitan ng kanyang matatag na pangako sa sangkatauhan. Ang pagpapalaya at pagliligtas sa atin at pagmamahal sa bawat isa sa

atin. Tulad ni MARIA, ipinakita ang kanyang pagmamahal at pag-ibig sa Diyos Ama na maging Ina ni Hesus, Gayon din sa sulat ni San Pablo Apostol sa mga taga-Corinto ay ipinahayag niya ang tunay na kahulugan ng pag-ibig.

Corazon De Jesus
Diocese of Kalookan